Lanka Siva Rama Prasad's

THE CASKET OF VERMILION

ANG DAKILANG KAHON NG VERMILION

Translated by:

Eden Soriano Trinidad

Art by Apoorva Lanka

Lanka Siva Rama Prasad's

THE CASKET OF VERMILION

ANG DAKILANG KAHON NG VERMILION

About the Translator

Eden Soriano Trinidad

Eden Soriano Trinidad was born in the village of San Agustin Iba, Zambales Philippines.

She is a Professional License Teacher, an overly dedicated teacher, women worker, resource speaker and currently the School Director and School Principal of an outreach and mission school Lucio Abrigo Memorial Learning Center, Inc. which she pioneered and helped established since 1991.

A PENTASI B WORLD FEATURED POET & WORLD POET LAUREATE 2018.

Appointed as AMBASSADOR of HUMANITY 2019 by the Hafrikan Prince Art World (HPAW) Dr. Waheed Musah.

An International Honorary Awardee of World Institute of Peace (WIP) as WORLD ICON OF PEACE & PROTOTYPE OF CANDOR, PC 2019.

She is the PRESIDENT of "KIWANIS GLOBAL CHILDREN EMPOWERMENT", PHILIPPINE LUZON DISTRICT, DIVISION 2B1" located in San Agustin Iba, Zambales with International Motto "Serving the children of the World".

Her life revolved for more than 18 years serving as Full-time Church Deaconess and Teacher of the United Methodist Church schools, at the same time dedicated her life to serve by touching other people's lives through teaching, visiting the sick, doing house to house visitation, teaching home Bible studies, leading and teaching children, young people and their families.

March 2018. All rights reserved.Copyright @ 2018
by Dr. Lanka Siva Rama Prasad
Head of the Department
Cardiothoracic & Vascular Surgery
Prathima Institute of Medical Sciences
Nagunur Road, Karimnagar - 505 417, Telangana.

Published by:
Dr. Lanka Siva Rama Prasad
Srijana Lokam / Writer's Corner
Prasanthi Hospital
Sivanagar, WARANGAL-506 002,
Telangana, INDIA
Mobile : 8897849442
Email: lankasrprasad@gmail.com
www.anuvaadham.com

Translated by:
Eden Soriano Trinidad

Index

1. ANG MATINDING GALIT NI SAMMAKKA
2. ANG NAGNINGNING NA KAGUBATAN
3. ANG BINIBINI AT ANG PANGARAP
4. SEREMONYA SA DARAANAN
5. ANG PAG-IISANG DIBDIB NG LUPA AT NG ULAN
6. ANG HININGA NG MGA KAHARIAN AY PAKIKIPAGDIGMAAN
7. ANG AWIT NG BUWAN
8. ANG KAMATAYAN AT ANG PANGITAIN
9. ANG LIBINGAN NG TAO
10. ANG ORAKULO AT ANG MIRAKULO
11. ANG NANGANGAMOY NA NAKARAAN AT NG HINAHARAP
12. ANG PAGLALAKBAY PABALIK
13. ANG PINTO NG TULOG
14. ANG LASON AT ANG APOY
15. ANG UNANG PAGTUTUOS
16. ANG PROBLEMA NG DIGMAAN
17. ANG EMBAHADA SA ORUGALLU
18. ANG PAGKAKAHULI SA TIGRE
19. ANG MAKAKAPAL NA PADER NG MOOG BANTAYAN
20. ANG LUNGSOD NG MGA BATO NG DIAMANTE
21. ANG KAPISTAHAN NG MGA BULAKLAK AT MGA ARMAS
22. ANG PAGMARTSA NG LUNGSOD SA KAGUBATAN
23. ANG DIGMAAN NG MGA ELEPANTE AT MGA LANGGAM
24. ANG DAKILANG KAHON NG VERMILION

ANG ALAMAT NI SAMMAKKA

Noong ika 12 siglo, sa isang malayong bansa ay natagpuan ng ilang lider ng isang tribo ang isang bagong panganak na sanggol na babae na umiiyak habang napapaligiran ito ng mga tigre. Inampon sya ng pinaka-pinuno ng tribo. Ipinagkaisang-dibdib kay Pagididdha Raju isang pinuno ng isang tribo. Sila ay biniyayaan ng dalawang anak na babae na pinangalanan nilang Nagulamma at Jampanna at ang nag-iisang anak na lalaki na tinawag at pinangalanan nilang Sarakka (Saralamma/Saralakka).

Pagkalipas ng ilang panahon ay nagkaroon ng matinding tagtuyot na tumagal ito ng maraming taon at naging dahilan ng pagkakatuyo ng napakalawak na ilog ng Godavari. Dahil sa tagtuyot, ang mga tribo ay napilitang huminto sa pagbabayad ng kanilang mga buwis sa hari. Iniutos ng hari na si Rudra Deva na supilin ang mga tribo at piliting magbayad ng kanilang buwis sa pangunguna at liderato ni Peddapuli Raju, pinuno ng isa pang tribo at kasalukuyang pinuno ng mga hukbong mandirigma ng Kakatiya. Biglang nakipag- digmaan si Samakka, na siyang pinuno ng hukbong mandirigma ng tribo at ng kanyang mga nasasakupang tribo laban sa mga sundalo ng Kakatiya sa mga pampang ng ilog ng “Sampenga Vagu”(Jampana Vagu). Ang asawa niyang si Pagididdа Raju, at ang mga anak niyang babae na sina Sarakka, Nagulamma, manugang na lalaki na si Govinda Raju (asawa ni Sarakka) ay nagbuwis ng buhay sa pakikigdigma. Sa huli, namatay rin si Jampanna sa Sampenga Vagu (tinawag ng Jampanna Vagu para sa pag-alaala ng kanyang kabayanihan sa pakikipagdigmaan). Nakipaglaban at nakipagdigmaan ng husto si Samakka at nagbunga ito ng napakalaking pagkawasak at pagkalagas ng hukbong mandirigma ng Kakatiya. Nagulat ang lahat sa katapangan, lakas ng loob at kagitingang ipinamalas ni Sammakka. Iminungkahi ng Punong Ministro ang pakikipagkasundo kay Sammakka sa pamamagitan ng pag-aalok at paggawad sa kanya ng katungkulan sa kanilang nasasakupang kaharian bilang Reyna. Subalit, hindi ito tinanggap ni Sammakka, bagkus ay ipinagpatuloy niya ang pakikipagdigma upang ipaghiganti ang mga nagbuwis ng kanilang mga buhay.

Nagpatuloy nga ang labanan sa digmaan at malubhang nasugatan si Sammakka. Kinausap ni Sammakka ang kanyang mga tauhan at buong nasasakupan at ipinakiusap na hanggang siya ay patuloy nilang aalalahanin at hindi lilimutin, sila ay kanyang pangangalagaan at iingatan. At pagkatapos ay isinumpa niyang magdurusa ang Dynastiya ng Kakatiya at pagkatapos siya ay tumungo at pumaroon sa Chilakala Gutta at naglaho sa kagubatan.

Kinabukasan, natagpuan ng mga nagsisipaghanap sa kanya na mga katutubo ang isang Kumkuma bharine-isang kahon na sisidlan ng pulang pulbos na Vermillion. Ang pulbos ng Vermillion ay tinatawag ding Sindur sa ibang lugar. Ito ay mula sa pinulbos na luyang dilaw o turmeric powder at lime stone. Ginagamit ito ng mga babaeng taga India, tanda ng kanilang pagiging relihiyoso at nilalagay naman sa noo ng mga Indianang may-asawa na.

Kasamang natagpuan ang mga pulseras ni Sammakka at mga bakas ng mga paa ng mga tigre kung saan siya mismong unang natagpuan bilang isang sanggol ng mga Koyas. Hindi nagtagal ang kahariang Kakatiya ay naging matagumpay, lumakas, umangat at pagkatapos ay tuluyang bumagsak.

Isang napakalaking intriga at kabigha-bighaning kwento at istorya ng mga katutubong diyus-diyusan na umaakit at humihikayat ng mahigit kumulang sa sampung milyong tao na kung saan sa isang malayong lugar sa kagubatan ng Medaram ginaganap ang maaring pinaka-malaking pagtitipon sa buong mundo ng mga grupo ng katutubo kada ikalawang taon.

– 1 –

ANG MATINDING GALIT NI SAMMAKKA

Ang DIYOSA ng Matinding Galit
Nagsusumigaw at nagpupuyos sa matinding galit ang bayaning si Sammakka
Ang mandirigmang Prinsesa ng tribo
Nang matambad sa kanyang mga paningin ang mga nakahandusay
na mga anak at naliligo sa sarili nilang dugo pawang mga bangkay
Sila ay isinumpa at pinahirapan sa hindi pagbabayad ng buwis
Ng makapangyarihang trono sa kaharian ng Kakatiya na mapaglabis
Mga anak ng kagubatan ay ibinalibag sa di-nakikitang panganib
Walang patumangging pagpatay sa malupit na kaparaanan! Nakapagtataka!

Walang kahandaan, subalit matatag parin ang kanilang loob sa kabila ng dinaranas nilang matinding tagtuyot
Hiniling buwis ay di muna bayaran ngunit ito ay tinutulan, kapagdaka Giyera ay sinimulan
Kasalukuyang hari ay nag-utos sa mga salbaheng pangkat, baldahin silang lahat
Sabihin mo sakin, nang magsimula silang magsalpukan, ano ang nagtulak sa kanila sa matinding labanan?

Saksi mga anak ng Kagubatan ng Dandaka sa kawalan at hindi pagpatak ng diyos ng Ulan
Natuyo ang Ilog Godavari, naiwa'y putikang kabatuhan
Ang luntiang bukirin at sapang tirahan ng mga grupo ng mga Iguana at mga buwaya ay naging tigang
Walang ulap na maaninag, ang matinding init ng sikat ng haring araw ay nakakapasong tila mga
palaso na tumutusok sa balat ng mga hinirang!

Pinulong ng matatandang lalaki ng tribo ang pinuno ng tagapag-utos sa kanyang marangal na lugar
Sinikap nilang ipaliwanag ang paglikas ng mga tribo sa tatlong taong tagtuyot ay sa kadahilanang
wala silang naani at di makabayad ng buwis
Subalit mahigpit ang pangangailangan ng Hari sa salapi, "walang dahi- dahilan",
bayaran niyo ang inyong pagkakautang"
O, pagbabayarin namin kayo ng sapilitan, alam namin kung paano kayo pagbabayarin
at sisingilin ang inyong mga hampas-lupang nagsisipagtago sa basang hamog na kakahuyan.

Kapagdakay itinutok ng mga sundalo ng pinuno ang kanilang matatatalim na tabak sa leeg ng mga
nahintakutang matatandang katutubo
Ang walang ingat na pinuno ay pasigaw na nagsabing, umalis na kayo ngayon din
Kung gusto niyo pang makauwi ng buhay, aming pagtitimpi at galit ay huwag ninyong subukin!
Saklot ng matinding takot sumunod ang matatandang lalaki sa utos, tulad ng talunang mga
bubuyog sila ay matuling bumalik sa kanilang mga bahay pukyutan!
Inabot sila ng sampung araw bago narating ang kagubatan at kapagdakay ipinamalita nila
na ang kanilang lakad at misyon ay isang malaking kabiguan.

– 1 –

ANG MATINDING GALIT NI SAMMAKKA

Lalaki, babae pati na ng mga bata ay ipinanalangin ang kaligtasan ng mga naninirahan sa kagubatan
“Kapag ka sumiklab ang giyera” wika ng Prinsipe,-’, hindi tayo magpapahingalay, tayo ay lalaban!
Ihanda ang lahat ng mga pana, espadang kahoy na mga yari sa matitibay na kawayan
Tawagin ninyo ang lahat ng malalakas na mga lalaki at babae sa ating tribo, ihanda at turuan
silang mabuti sa pakikipagdigmaan.

Winika ni Sammakka sa kanyang hari at kabiyak,- O aking prinsipe!
Ang pakikipagdigmaan ay desisyon ng nawawalan ng bait sa sarili.
Ang mga kabataang ito ay katulad ng mga bagong sibol at kasalukuyang nagsisipamukadkad
na mga buko ng mga bulaklak at hitik na hitik na bubot na mga bunga ng kahoy,
Kakayanin ba nilang labanan ang kalupitan ng emperyo na bantog sa kanyang pagiging
mautak at kalupitan sa pakikipaglaban?
Subalit huwag kang mag-alala aking mahal, -inihanda ng aming mga ninuno at handang
magbuwis ng buhay ang aming mga kababaihan!-

Narinig niya ang tinig ng isang matandang lalaki sa kagubatan na dumanas ng malupit
at masamang pagtrato sa kanila sa loob ng hukuman ng kanilang kalaban.
Ang taong ito na isang manggagamot at saserdote ng Diyos ay punong -puno ng karunungan
Nasilayan na niya sa kanyang buhay ang maraming paglubog at pagtaas ng buwan,
Siya rin ang nagkanlong kay Meda Raju, ang una niyang naging ama- amahan
sa nayon ng Medaram.
Lumaki sya sa pangangalaga ng kanyang ama na nagturo sa kanya ng buhay sa
kagubatan kasama ng mga mababangis na hayop,
Nang mapagmasdan niya ang luha sa mga mata ng kanyang ama at narinig ang panaghoy
ng lahat ng mga bata sa kanilang tribo, sumilakbo ang kanyang poot sa kanilang pagdarahop.

– 2 –

ANG NAGNIINGNING NA KAGUBATAN



Nagngangalit at nakakabinging katahimikan ang pumukaw sa nakakapangilabot na
pag-ungol ng mga tigreng hayok sa pagkain.
Nasa panganib ang kanyang mga anak; Sumilakbo ang matindi niyang galit dahil sa alalahanin!
“O anak ko”! Pagbabalik ala-ala ng matanda. Paki wari ko ay may narinig akong tinig
ng isang sanggol sa loob ng nakakalitong kagubatan.
Kabilugan noon ng buwan.Ang buong paligid ay animo pinaliliguan ng maniningning
na pilak na liwanag ng buwan!

Tahimik ang bung kagubatan, maliban sa maya’t mayang naririnig na ungol ng mga tigre at ng kanilang mga anak.
Dala-dala namin ay mangilan-ngilan na sulo at tambol, matutulis na kahoy upang itaboy sa takot ang mga
hayop, Kabilugan noon ng buwan sa Magha masa-, “O aking anak”.
Ang buwan ay tila higit na mas malaki at maliwanag sa kalangitan at sa mga ilog.
Ang aming sapa ng Sampenga - Champak, ang Ilog ng Godavari
ay kumikinang at kumikislap sa nangingintab na liwanag ng buwang kay bilog.

Ang saserdote ng malaking templo ang nagwika na iniluwal sa buwang ito ang Diyosang si “Vakku’ Saraswathi.
Nagsimulang maglakbay ang Araw papalayo,
patungo sa Norte sakay ng sarili niyang karwaheng, ‘Ratha Saptami’.
Ang buwan na ito ang pinili ng kanyang lolong si Bhismah upang lisanin ang lupa at magtungo na sa kalangitan.
Ang pinakamalakas na Diyos ang Panginoong Shiva ay sinasamba ng may debosyon sa Maha Sivaratri tuwing
katapusan ng buwan.

Pinaigting ang pag-iingat, dahan -dahan kaming lumakad mga kamay ay may tangan-tangang mga sibat,
habang ang aming mga dibdib ay tila binabayo
Sa silong ng isang malaking puno, sa tabi ng isang malaking nuno sa punso,
naaninag ang maliit na liwanag na may siphayo,
Doon ay natanaw namin ang ilang mga tigreng maliliksing nagpaparoo’t parito tila
mga bantay at handang sumalakay sa depensa ng moog ng Orugalo
Tumambad sa amin ang mga ito at nagsimula kaming humiyaw kasabay ng pagtugtog ng
mga tambol at kasabay na iwinawagayway ang mga sulo;

Kagulat-gulat! Animo mga alagang pusa lamang sila’y nakatitig sa amin,
at dahan dahang nangawala sa masukal na kagubatan.
At doon anak ko! at doon sa ilalim ng ulo ng isang napakalaki at makamandag na ulupong ika’y aming natagpuan,
Umuusal ng taos-pusong dasal na kami ay ilayo sa kapahamakan.
Tiklop kamay sa panalangin ang puting ahas ay sumanib sa liwanag ng buwan.
At natagpuan ka naming nababalot ng iyong maringal na kasuutan.
Ang puso namin ay natigib ng tuwa at dinala ka namin sa ilalim ng aming pugad labis ang kasiyahan.

- 2 -

ANG NAGNINGNING NA KAGUBATAN



Bilang pinuno ng tribo, lahat ay nasa akin na maliban sa isang bagay
at ‘yan ay ang pagkakaroon ng sariling supling.
Galak na galak kaming mag-asawa sa kaloob na ito ng Diyos sa amin.
Napaligaya mo ang aming mga ispirito at sa banal na kaparaanan ay
nagdiwang ang buong tribo sa iyong pagdating.
Tinuruan at hinubog ka ng ama mong si Meda Raju, at ng siya ay biglang pumanaw, kinalinga ka namin.
Sa bawat paglitaw ng kabilugan ng buwan ikaw ay lumaking mahusay, napakaganda.
Katulad mo ay isang usa sa bilis at halina,
Sa mga kakahuyan ng Madhuka, sal, Dhava, Patala, Tinduka, Badari at mga puno ng
mangga na nagpapalit -palit sa panahon ito ay kahali-halina.

Sa bawat paglukso mo ang nakakatulad moy isang tugtog kabisang Jhilika,
ang iyong tinig ay isang Koel, kung tumakbo tila kidlat, kasing liksi ng usa sa takbuhan.
Tulad ng Sarasa sa paglipad, katulad ng Patong Chakravaka sa paglangoy
at kasing lupit ng tigre kung makipaglaban.
‘Sing bilis ng sibat at palaso kung ikaw ay kumilos,
ang mga mandaragit ay nanginginig sa kanilang mga tuhod.
Natuto sa inyong pamamaraan ng maliksing pagkilos, at lumalakad ng pantay ang mga hayop,
ibon at tao habang nasa loob ng kagubatan,
Pinangalanan ka naming Sammakka sapagkat dinalhan mo kami ng
animo’y lumalagong ningning at kaligayahan.

– 3 –

ANG BINIBINI AT ANG PANGARAP



Lumaki siya na katulad ng puno ng Mahua at namukadkad ang mga bulaklak nito
taglay ang halina ng makalumang alindog at kagandahan
Ang bawat araw ay tila kapistahan at bawat kapistahan ay pagdiriwang,
dumaragundong ang saya sa pag-aawitan at sayawan
Sa buwan ng Magha, sinasamba ng mga Tribo ang mag-asawang Hari ng Ulan na yari sa inanyuang putik.
“Gadji Bimdu Pendul nend turuta’- ngayon aming ipinagdiriwang ang kasalan sa
ULAN sa napakarangyang pamamaraan.
Pagpapalain niya kami ng masaganang ulan at tubig sa aming mga batisan at mumunting sapa.
Iingatan sa mga kapahamakan sa bawat daraanan.

Sa kapistahan ng mga Buto, kami ay nagtatanim ng iba’t ibang uri ng mga buto at sinasamba
namin ang Diyosa ng Kalupaan at humihiling na kami ay biyayaan.
Sa araw ng kapistahan naman ng mga Sampalok-Ikka, masigla naming iniipon
at pinupuno ang mga ang dala-dala naming mga lukbutan at basket at aming inilalalako
sa mga pamilihan upang kami ay kumita at maging masaya
At tuwing kapistahan naman ng Tadi Ibos, sinisimulan naming mag-ipon ng mga bunga ng
Ibos at mga bulaklak ng Mahul na malapit sa mga sapa.
Sa kapistahan naman ng Dasera, kumakain kami ng bagong aning bigas, Raagi -millets sa
Kapistahan ng Kani Kurrum taglay ang nag-uumapaw na saya ay halos magkandarapa
At tuwing Kapistahan ng Sikudu, sarap na sarap kami sa mga sitaw, at sa Kapistahan ng Marka ay aming
nilalasap ang tamis at linamnam ng mga bunga ng manga na mas masarap at malinamnam
sa panahon ng tag-init kaysa sa tag-ulan.

Halina tayo ay magtungo sa loob ng mga kagubatan at mag-ipon tayo ng mga Olagadda,
kamoteng kahoy, Besigadda, at ugat ng Ita Gadda,
Mag-uwi tayo ng madadahong gulay, mga labong, sampalok at mapupulang bulaklak ng Kandi
Mag-ipon tayo ng Amla, Jujub, Jambol, prutas, dahon ng Tendu, mga kamote,
Mulaka, ugat ng mga Ibos at buto ng Jidi,
Kumuha tayo ng maraming mga paninda nating bigas, kamote, manga, langka,
guyabano, tendu, ampalaya at buto ng patani,
At ating ipagbili sa mga pamilihan at ang ating napagbentahan ay ibibili naman natin
ng mga pulseras, hikaw, singsing at mga kagamitan sa araw -araw na ating gawi.

Sa araw na yaon, hihipan ng mga tao ang kanilang mga tambuli at tutugtugin ang
mga tambol samantalang sinasamba ng lahat si Jhankara, ang Diyosa ng Ulan.
Pinagpapapala ng Diyos ng kagubatan ang maraming mga tribo, habang umaawit at
sumasayaw sa pagpupuri sa Diyosa ng kalupaan,

– 3 –

ANG BINIBINI AT ANG PANGARAP



Ang lahat ng tao sa panayunan ng Lotam, kasama ang lahat ng mga bata ay
binabahaginan ng Mahula o inuming salapa.
Sa saliw ng tugtog ng tambol ng Dunga dunga at ang mga bihasang hakbang ng
pagsasayaw ng Dhimisa ay pumapaimbulog at nagpapaikot-ikot sila,
Napagod ang lahat ng sumapit ang malalim na gabi, umuwi at nakatulog ng
mahimbing ang napakagandang si Sammakka.

Nang magmadaling araw siya ay nanaginip. Sa kanyang panaginip,
habang siya ay naglalakad na may siphayo
Malapit sa Ilog Champak ay may nabanaag siyang mga lalaking nakasakay sa kabayo
Nangakasuot ng maskarang ulo ng kabayo at hila-hila ang mga walang tigil sa pagtahol na mga aso
Bigla syang sinugod at inatake ng mga ito, subalit mabilis niya itong naiwasan
at sinikap niyang makatakbo papalayo patungo sa kaniyang baryo
Subalit muli silang nagsama-sama at tinangka nilang agawin siya, at sa oras ding
yaon narinig nila ang nagngangalit na ungol ng mga tigre sa malayo
Nasaksihan ni Sammakka ang mga mandirigma ng tribo na binubugbog ang mga
lalaking nakamaskara at itinaboy sila ng buong tapang at halos makaladkad papalayo.

Subalit bigla syang nadupilas sa isang nakahambalang na bato,
bumagsak at tumama sya sa isang malaking tipak ng bato,
Gumulong sa loob ng kagubatan at malakas na bumangga sa puno ng Kimsuka at tuluyan napahinto,
Pag-angat ng kanyang mga mata ay nakita niya ang isang matipuno at napakagandang
lalaking mandirigma na matamang nakatitig sa kanya, tingin na may awa at paghanga.
Napansin niya na ito ay may tangan-tangang dahon ng lotus na may lamang tubig at
pagkadakay ibinuhos ang malinis na tubig mula sa kanyang ulo, o kahanga-hanga,
Subalit ng pumatak sa kanya ang tubig ay nagkulay dugo ito na umaagos sa kanyang ulo pababa
sa kanyang mukha at siya ay nagising na umiiyak at napasigaw ng- ‘Ina ko’.

SEREMONYA SA DARAANAN

Nang magbukang liwayway- nagising sya habang pinagmamasdan ng kanyang Ina!
‘O halikayo mga kababaihan! Madali, pumarito kayong lahat! Halikayo, madali na!
Kabilugan na uli ng buwan, ang ating puno ng Mahua ay nasa panahon na ng pamumulaklak!
Ang bagong silang na usa ay nasa kanyang ‘erata’, Nagluoy na ang ahas na bagong panganak!
Ipaalam ninyo sa ating manggagamot at manghihilot na nakakaalam kung papaanong
ang isang dalagita ay magkakaregla na.
Niyakap ng mahigpit ng kanyang Ina ang nanginginig na dalagita at kanyang sinabi,!-
‘O mahal kong anak! Ngayon, ikaw, birheng bulaklak, Ikaw ngayon ay dalaga na!

Pumunta sa loob ng kagubatan ang matandang babaeng mangagamot doon sa dakong
nakahiwalay at may katabing dalawang malalaking puno ng Banyan.
Sanay na sanay, mahusay at may kagalingan ang kanyang mga kamay,
kagyat gumawa sya ng pansamantalang matutuluyan,
Tag- isang kubo sa tabi ng bawat puno na humahalimuyak sa bango
Inayos niya ng husto ang bahay kubo na amoy sariwang damo at kawayan upang
maging komportable ang inosenteng dalaga.
Pitong-araw silang tumigil don sa mga kubo malayo sa mga paningin ng kahit sinong lalaki,
hindi siya maaring humawak ng lupa, bulaklak, o ano mang uri ng puno, O kay hirap pala magdalaga.
Wika ng matandang babae,” kapag ka hinipo mo ang alin man dito sa panahong ito ang lahat
ng mga iyan ay habang panahon ng magiging baog.

Habang sila ay naroon, itinuro ng matandang babae ng tribo ang mga lihim ng pagdadalaga
at ang mga pagbabagong mararanasan niya sa kanyang katawan sa kanyang pagdadalaga.
Ang pagbabago ng hubog ng kanyang katawan, mula sa unti-unting paglaki ng kanyang mga dibdib,
pagkakakaroon ng hugis ng baywang at balakang, pagtubo ng mga pinong balahibo
sa maselang parte ng kanyang katawan,
Ang kanyang tinig ay magbabago ganon din ang kanyang pag-uugali at mananaginip ng ma-erotika
Isa-isa Itong inilahad sa dalaga sa pamamagitan ng mga parabula, sa kabila ng kanyang pagtatataka
Sumapit ang ika-pitong araw, siya ay kanyang pinaliguan ng maligamgam na tubig na may luyang dilaw at
dinamitan ng magarang kasuutan inihanda upang maipakilala sa lahat ng mga maharlika.

Isang gabing tahimik, ang lahat ng mga dalagita ay nangagkatipon tulad ng dati sa Dhangadi Pikin-kudmas,
Ang mga binatang Dhangada basa na nasa edad na upang mag-asawa ay nagsisipag-ensayo
ng pagtugtog ng gitara at mga nakaugaliang sayaw para sa masa
Sa saliw ng Dhola, Damak, Dundunga, Mahuri, Pipa, Bansuri, Ektara, laud at iba pang
instrumentong pantugtog sila ay nagkaisa,
Ang mga nakalalasing na inumin na Mahuli, landa, Handia at Salap ay umaagos,

SEREMONYA SA DARAANAN

sa dami ng nainom na alak sila ay nalango,
Isang araw dumalaw ang pinuno ng tribo sa nadaraanan niyang nayon papunta sa Orugallu,
upang magbayad ng buwis.

Buong galak na tinanggap ng mga matatanda sa Nayon ang makikisig na mga lalaking
mandirigma sang-ayon sa kanilang kinaugaliang tradisyon ng pagpaparangal
Sa gabi ng kabilugan ng buwan ring yaon ay napagmasdan ng mga taga-Nayon ang
tatlong kabilugan ng buwan sa kanilang matitingkad na mga bandila nagbigay dangal,
Ang unang kabilugan ng buwan ay ang nasa kulay bughaw na langit, ang isa ay ang
makisig na Prinsipeng mandirigma na may mabuting pag-uugali
At biglang tumambad sa kanilang paningin ang pinaka-magandang kabilugan,
nagniningning sa liwanag ng buwan ang kanyang puting kasuutan.
Nang siya ay nagsimulang umindak sa saliw at tunog ng mga tambol,
ang dibdib ng Prinsipeng mandirigma ay tila mag-aapoy sa gitna ng initan.

Pinalibutan ang dalaga ng mga kapwa dalagita at anong inam sa pagsayaw ng sayaw Dhimisa,
tila mga usa, pabo real at mga bibe sa pagsasayaw ang mga kadalagahan sa buong gabi,
Sa saliw at tugtog ng dappu, dolu, tudumi, mori, kiridi at jodu-kommulu at kambal na tambuli.
Nagsipagsayaw sila ng bhag, natikari, kunda-pot, sambornisani, bayya, mouli, umiikot sa sayaw na goddu.
Pumagitna si Sammakka sa gitna ng nagkakasiyahang mga dalaga at nagsimula silang sumayaw sa
mapaglaro at romantikong pagkimbot at paggiling ng kanilang mga balakang kasabay ang ulo.
At bago matapos ang kanyang kaiga-igayang pagsasayaw, nagtama ang paningin ng dalagang
nasa perpektong buwan na at ang magiting na Prinsipeng mandirigma.
Kagyat siyang nilapitan nito at pakiwari niya ang buong kalangitan ay umiikot lamang sa kanya.
Tila nawalan siya ng timbang at bago siya tuluyang bumagsak ay malakas na sumigaw,
Naramdaman na lamang niya ang dalawang matitipunong mga bisig na puno ng pag-ibig ang sumalo sa kanya,
Batid ng kanyang puso na siya ay ligtas at tuluyan siyang nawalan ng malay.

– 5 –

ANG PAG-IISANG DIBDIB NG LUPA AT NG ULAN

Sandali siyang nawalan ng malay, katulad ng Inang Lupa sa unang pagpatak ng ulan,
Nangamoy alimuom ang loob ng kanilang tahanan mula sa simoy ng mga bulaklak ng mahula,
Wala siyang kaalam-alam kung ilang sandali siyang bihag ng mga bisig ng makisig na
binata bago tuluyang dinala sa kandungan ng kanyang ina,
Nang siya'y magising at iminulat ang kanyang mga mata, matama siyang pinagmamasdan
nito habang binabantayan ng kanyang ama at ina.

Ang bagong Bukang-Liwayway ay kagyat na bumangon sa kanyang malasutlang
hinihigan kasabay ng pagtilaok ng mga tandang,
Humuhuni sya habang nagpipinta ng kulay lilak at kulay ginto ang mga pakpak na animoy
ulap gamit ang kanyang mga kamay
Tanglaw at liwanag niya ang mga nagniningning na bituin at buwan sa kalangitan na unti-unti
nang naglalaho at natatabunan na ng bagong pamumukadkad ng mga bulaklak.
Masiglang humuhuni ang mga ibon at tila nabalot ng kaulapan ang mga bulaklak habang siya ay
nagpapapikot-ikot sa pag-indayog at pag-indak.

Mabuti ba ang kalagayan ng binibining aking itinatangi?'- mula sa labas ay naulinigan
niya ang tinig ng matikas na binata.
Bigla siyang napatindig sa kanyang hinihigaan at kanyang nakita.
Lumabas ng pintuan ang kanyang ama at magiliw na binati ang binatang mandirigma,-
'Oo iho! Siya ay masiglang-masigla at nanariwa tulad ng bagong sibol na bulaklak ng lotus sa sapa!-
Kagyat na tumugon ang binata- 'Sa aking muling pagbabalik kayo ay aking dadalawin,
O ama! Magandang araw ako ay tutuloy na'-
Ang binata ay palingaon-lingon habang sya ay papalayo; samantalang sa likod ng mga bintanang
yari sa kawayan, ang dalaga ay naghihintay na tawagin ang pangalan niya, tulad ng isang babaeng usa.

Ang buong nayon ay nagdiwang sa saliw ng tugtog ng mga tambol ng kanilang
narinig ang balitang sila'y magpapakasal
Ang anak ng kalupaan at diyosa ng kagubatan ay ipinagkasundo sa anak ng Diyos ng
mga Ulan na may taglay na mabuting-asal
Hayaan nating ang kalangitan ang maging saksi, ang mga ulap sa himpapawid ang
maghanda at mga paanan ng mga bulubundukin ang maging upuan ng mga panauhing pandangal
at ang mga puno ang siyang magsilbing saksi sa ikakasal.

Ang mga kulog sa langit ang tutugtog na tambol, mahinhing simoy ng hangin
ang magiging tunog ng plauta at tambuli
Hayaang ang mga kidlat ang siyang gumuhit ng kumpol na mga bulaklak at selyuhan

ANG PAG-IISANG DIBDIB NG LUPA AT NG ULAN

ng manunula ang kanilang pag-iisang dibdib
Ang mabangong tubig ng sapa Champak ang siyang isasabog at ibubudbod sa mga panauhing nagsasaya
At hayaang magsabog ng kaningningan ang mga Jaji, Jasmines, Chrysanthemums,
Marigolds at mga dahon ng mangga sa sobrang saya.

Ang lalaking ikakasal ay dumarating sakay ng kanyang kabayo, O anong ganda,
ang kanyang karwahe ay napapalamutian
Dala-niya ay mga sako-sakong bigas, mga baka, tabako, palamuti, magagarang kasuutan,
mamahaling alak bilang kabayaran kapalit ng pagpapakasal sa dalagang nakabandana
Atin siyang malugod na tanggapin sa gitna ng mga panauhin na may pag-awit
at pagsasayaw sa saliw ng harana
Hayaang ang lagaslas ng agos ng tubig sa ilog at ang maringal na pagdiriwang natin
ang lumikha ng ingay sa maghapong kasiyahan umaalingawngaw!

Masusi syang pinagmamasdan at sinusundan ng tingin habang siya ay buhat at sunong-sunong ng magarang palankin**,** ang aming prinsesa sa kanyang damit pangkasal ay tila maamong tigre.
Tingnan niyo ang kanyang nobyo, kabilugan ng buwan ang kanyang katulad sa gitna
ng mga bituin, lumalakad sa puting kasuutan tila isang tigre.
Magbigay pugay tayong lahat sa ating Diyosa ng Biija, pamilya at angkan ng Ilavelpu
at ng iba pang mga matagal ng diyos-diyosan,
Hayaan nating ang pag-iisang dibdib nila Sammakka at Pagididda Raju ay masulat sa
malalaking titik ng pahina ng kasaysayan**.**

Sa labis na katuwaan ang malamig na simoy ng hangin ay humahagod sa
mga punong nakapaligid na humahalimuyak sa bango habang sila ay nagpoprosisyon
Ang kabuuan ng piniling kasamahan ay nakarating sa nayon ng lalaking ikakasal
at ang lahat ay nagdiriwang sa okasyon
Sa loob ng tatlong araw ipinagdiwang nila ang pag-iisang dibdib sa marangyang handaan,
kapistahan at walang humpay na sayawan
Ang pinakadakilang kasalan ng dalawang lider ng tribo sa panahong yaon ay nagbunga
ng napakagandang simbuyo ng damdamin ng Kalupaan at ng Ulan.

– 6 –

ANG HININGA NG MGA KAHARIAN AY PAKIKIPAGDIGMAAN

Maladambuhalang batong granite ang nakatunghay sa iyo sa sinaunang malawak na kahariang yari sa mga bato,
Napapaligiran ito ng mga armas pangdigma mula pa sa hangganan ng kanilang kaharian,
hanggang sa loob ng tatlong bloke na mga sementado at ang mga pader ay yari sa matibay na bato,
Ang batong ginamit ay ang isang batong Orugallo, Ekasila ang itinawag sa siyudad na ito dahil sa batong itim,
Mula kay Beta, Prola Rajas na una at ikalawang haring namuno sa lungsod Ekasila,
hanggang kina Maha Deva, at Haring Ganapathi Deva.
Ang matapang na si Rena Rudrama Devi, hanggang sa apo niyang si Pratapa Rudra,
ang digmaan ay kakambal na nila.

Sinasamba nila sa kanilang nayon bilang Diyosa si Kakati; At isinaayos at binuo naman ni
Rudradeva ang siyudad ng Orugallu para maging sikat at kilala PATI KANILANG MAGIGING BINHI!
Itinayo naman ni Ganapati Deva ang templo ng Diyosa ng Kalupaan na may apat na
naglalakihang arko-”Tagumpay ng Toranam!”
Ang anak niyang babae na si Reyna Rudrama Devi ay pinamunuan ang kanyang kaharian na
may kabutihan sa pakikitungo sa kanyang mga nasasakupan
Ang apo niyang si Pratapa Rudra ay minana sa kanya ang kaharian pati na mga hindi pagkakasundo
-sundo sa kanyang nasasakupan!
Ang buong hangganan ng kanilang kaharian ay tila kumukulong tubig at sumanib pa sa kanila
ang isang bagong mapamuksang tribo sa Delhi!

Si Allauddin Khaji, isang halimaw na may mataaas na ambisyon, kakila-kilabot, wala ni katiting na awa
O Diyos, ilayo niyo po kami sa mga pesteng ito sa daigdig’-panalangin ng kanyang mga kaaway,
sila na ayaw sa kanyang pamumuno, nahihintakutan sila sa kanya, habang siya naman ay tuwang-tuwa
Ang labis na nagpapaligaya sa kanya ay ang magtagumpay sa pagkubkob sa mga ibang kaharian
at bihagin ang mga magagandang kababaihan, at sila ay kanyang pinahihirapan.
Mula sa ituktok ng trono ng Delhi, sa dakong Timog pinag-iimbutan niya ang malalaking
yaman ng ginto, trigo at mga palayan
Nang humalili, bumaba sa trono niya si Devagiri, pagkaupo ni Allaudin sa trono agad-agad
na natikman ng Orugallu ang kanyang kalupitan.

Sa kaharian naman ni Prataparudra, wala siya sa kondisyon upang magparaya sa mga rebeldeng
nangungupahan sa kanyang nasasakupang bukirin
Hindi niya kailanman mapapatawad ang pamilya Ambadeva na naging sanhi ng pagkamatay ng kanyang lola
Tinugis niya ang mga ito sa mga teritoryo ng Mulikinadu at sinunog sila tulad ng nagngangalit
at napakalat na apoy sa kagubatan
Kayat kailangan niya ng malaking pera at mas marami pang pera upang mapanatili
niya ang kanyang mga sundalo at mga namumuno at namamahala sa mga bukirin

– 6 –

ANG HININGA NG MGA KAHARIAN AY PAKIKIPAGDIGMAAN

Ang kanyang mga punong ministro ay mataktika, matatapang ang kanyang mga kawal,
subalit nilusob sila ng animo mga balang ang kanilang mga kalaban.

Sa may di-kalayuan sa bahagi ng Norte ang uhaw sa dugo na mga Mongol ay
inatake ang Delhi at ang bahaging nasasakupan nito.
Tila malaking alon silang lumusob at sinira ang buong nayon at mga bayan, iniwa'y mga usok
mula sa pagkatupok at mga sunog na mga buto ng mga tao rito,
Gumanti naman si Allaudin sa kanilang mga pag-atake at ginamit niya ang kanilang kahusayan sa
pagpapalaganap ng lagim, ipinarada ang kanilang mga sibat na tuhog ang mga ulo ng kalaban.
Pagpapatunay ng kanilang pagtatagumpay ng iwinawagayway nila ang kanilang mga watawat
na may mga pinta ng mga bungo at pinapatay nila ang mga bata sa harap mismo ng kanilang mga ina.
Nakakasulasok na amoy at usok ng mga sunog na mga laman ng tao ay umabot na sa
himpapawid at kabundukan ng Vindhya.

Maraming nagsasabi na ang kuwentong ito ay naganap nong paghahari ni Rudradeva
habang nagpapalaki sya ng kanyang nasasakupan
Kapag napalibutan ng matinding apoy ang mga kanayunan ano pa ang magagawa ng mga bata sa kakahuyan.
Nagpatirapa sila sa mga imahe na yari sa mga kahoy at mga putik at nananalangin sa bughaw na kalangitan!
Ang senyales ng mahika ay napuno ng luyang dilaw at pulang pulbos ng cinnabar o vermillion na
nabasa ng mga luha't patak ng hamog mula sa kalangitan!
Mga ibon sa parang at mababangis na hayop ay inihandog bilang sakripisyo sa altar na
napapalamutian at humahalimuyak sa amoy ng mga neem at kwintas na marigold
Walang sinumang nakababatid kung kailan sila pupugutan ng ulo, sa pamamagitan ng
talim ng kamatayan, ngunit nagpatuloy silang lumakad ng lumakad.

ANG AWIT NG BUWAN

Nagpalakad-lakad sila hanggang makarating sa paanan ng malorong bulubundukin,
humihingal subalit napapawi ito ng simoy ng Mahula.
Nang muling gumabi, nakita ni Sammakka ang kabilugan ng buwan sa langit at dinilig ng liwanag
nito ang masukal na kagubatan habang animoy umaawit ang mga langitngitan ng mga kawayan
O maliwanag na buwan! Kanilang inaawit,-' Sa buwan ng Padman(Jyeshtha) kami ay nag-aararo ng
aming bukirin upang muling maghasik ng mga butil na pananim.
Sa buwan naman ng Burdabata (Aashadha) muli kaming maghahasik sa mamasa-masang bukirin
na unti-unti ng tinutubuan muli ng mga dawag pagkatapos ng kaingin.

Ang buwan ng Mundkhol (Sravana) ay panahon ng aming pag-aani ng mga kamoteng kahoy,
singkamas at mga halamang gamot sa gubat.
Sa buwan ng Kani (Bhadrapada) aming pinagdiriwang ang kapistahan ng Kurumu o ang
tinatawag na pag-aani ng hinog ng mga uhay ng Suan..
Ang buwan ng Dasara (Aswayuja) ay panahon naman ng pag-aani ng unang tanim ng palay
at ipinagdiriwang namin ang pagkain ng bagong aning palay!
Sa Devali (Kartika) naman, aming sinusunod ang mga seremonyas ng bean Sikudu o ang pag-aani
ng mga sitaw at mongo at binabantayan namin upang hindi ubusin ng mga ibon at mga hayop na maninilay.

Sa Pand (Margasira), aming ibinibilad at pinatutuyo saka itatago sa bodega ang mga sako-sakong palay,
mais, buto ng mongo at sitaw, suan, gulay at langis ng niyog at iba pang mga buto!
Sa buwan ng Push (Pushya) pinupuno at nag-iimbak kami ng maraming cereals,
gulay at mga pinong damo ng Sindi.
Sa buwan ng Magh (Magha) aming sinasamba ang Diyos ng Ulan sa Bimdu Pandu,
pinupuri namin siya sa kanyang mababuting mga gawa!
Sa Phagur (Phalgun) nililikom namin ang mga bulaklak ng Mahula,
dahon ng banaba at Kendu at sabay-sabay pinatutuyo!

Sa buwan ng Chait (Chaitra), ipinagdiriwang namin ang Ikka Pandu at nagkakainan ng
bagong pitas na Mahula at saka kami mangangaso;
Sa Semiti (Vaisakha) sa kapanahunan ng pamumunga ng mga mangga at langka,
iniipon namin ang mga ito at ipinagdiriwang ang kapistahan ng Biija!
Sa buong panahon ng tag-init, pampagana namin ang sabaw ng ibos, sabaw ng buko at kami
ay sumasamba at dumalangin sa Diyos ng Mutyalamma upang ang aming nayon ay maging
mapayapa at sa mga pagkakasakit ay malayo,
Kami ay nagsisipangaso at nangingisda, isinusuga at pinararami ang ang mga alagang baka,
upang magamit sa pagbubukid. Inaalagaan para sa aming pagkain ang mga kambing,
baboy, tupa, mga manok, ganon din ang mga pato!

ANG AWIT NG BUWAN

O maliwanag na buwan! Sino ang makahihigit sa iyong mahinhin at mapanghalinang kariktang magpawalang hanggang luntian.
Tumatagos ang iyong liwanag hanggang sa dulo ng mga ulap at kitang-kita ang iyong luningning
O Buwan! Biyayaan mo kami ng pag-ibig, romansa at karunungan, hayaan mong ang aming mga supling ay magsilago sa silong ng iyong mga pakpak!
Sa ilalim ng puno ng higanting puno ng Mahuli, maging masaya at romantiko nawa ang aming buhay sa tagsibol sa liwanag na tila malapilak.

Dumaan ang maraming kabilugan ng buwan at ang mag-asawang Sammakka at Pagiddidha
Raju ay maluwalhating biniyayaan ng tatlong supling,
Sina Saralakka, Nagulamma atJampanna, nagdulot nga ng labis na kaligayahan at kagalakan sa buong rehiyon ng Tribo ang tatlong supling.
Naging bihasa sila sa husay sa pag-awit at pagsasayaw, pangangaso, at namana nila ang kahusayan mula sa kanilang mga magulang at sa mga tao sa nayon sa larangan ng pakikipaglaban.
Si Saralakka ay ipinagka-isang dibdib kay Govindaraluju, isang magandang lalaki na matibay sa pakikipaglaban.

– 8 –

ANG KAMATAYAN AT ANG PANGITAIN

O anong kaaya-ayang tingnan! HINDI YAN TOTOO! Noong taon na yan ay naranasan
nila ang pagdating ng iba't-ibang kalamidad, mga pagkakasakit na malubha na naging
dahilan upang mahinto sa paggawa ang mga tao,
Dumagsa ang makapal na mga lamok; binulabog ng iyakan ng mga asong-gubat at kuwago
Biglang nagsidapo ang laksang mga uwak sa mga kabahayan; ang mga kawayan na nagsipamulaklak
ng wala sa panahon ay nangitim ng husto,
Ang puno ng ibos at mga niyog ay dumalang ang mga bunga at ang mga sabaw ay halos natuyo
At walang magamit na panggamot ang mahikang albularyo sa tribo, paano na ngayon ang
kanyang pasigaw na reklamo!

Sa harapan at kalagitnaan ng mga iginagalang na mga pinuno sa tribo,gumuhit siya ng pag-aaring
sarili ng Diyos, mahika at mga imaheng pinaniniwalaang may kapangyarihan at pinuno ito ng mga buto,
Binudburan nila ito ng mga dinikdik na luyang dilaw at pulang pulbos ng vermillion,
sinuutan ng pinatuyong hayop ang kanyang ulo at naghagis siya ng mga bato.
Sa hindi nakikitang mga demonyo, pinagwikaan niya ito ng hindi maunawaang mga ungol,
salitang pasigaw habang sinasaniban ito
Ibinudbod mga kamanyang, mira at pinatuyong balat ng kahoy, nagsiga at nagpausok ng
mga taba ng mga hayop at mga sungay.

Nagdala at nag-alay ang mga taga nayon ng mga sanga ng Neem, tuyong mga sanga ng Sal,
Jujuba, banal na Basil, calotropis at mga iba't ibang buto,
Inihandog nila sa apoy na paglalagakan ng isinasakrispisyo, napuno ng napakaitim na usok
at nagpangalat sa mga daanan at sa loob ng mga bahay kubo,
Habang sinasaniban ang lalaking manggagamot, isa-isa niyang itinatapon ang mga buto ng gulay,
mga buto ng hayop, makukulay na mga bato at gavva dais,
At saka siya sumigaw ng napakalakas na iyak-' mararanasan natin ang tatlong taong tagtuyot at tag-
gutom, walang karne, isda o bigas!-

Habang siya ay tila wala sa sariling kamalayan ay patuloy syang umindak-indak sa saliw
ng mga tunog ng mga tambol at tambuling nakakagulat,
At bigla na lamang siyang hinimatay sa altar ng Diyosa ng Kalupaan animo'y
tinamaan siya ng malalakas na kidlat!
Ang lahat ng nagkakatipon ay kinilabutan sa matinding takot at nabalitaan nilang masama
ang lagay ng pinakamatandang babae sa kanilang nayon.
Nagmadaling sinundo ng mga mensahero sa nayon ng Poonugondlu ang mag-asawang Sammakka
at Pagidda Raju upang sila ay dalhin sa kanilang ina.

– 8 –

ANG KAMATAYAN AT ANG PANGITAIN

Taimtim na tinitigan ng matandang babae ang kanyang anak na babae at ang kanyang manugang
na lalaki kasama ang kanyang mga apo habang lumuluha ang kanyang mga mata,
Nasa kanyang tabi at hindi sya iniiwan ng kanyang asawang penimiti-samantalang siya ay nasa banig ng
karamdaman; pinagpala niya ang bawat isa sa kanilang sambahayan, at hinugot ang kanyang huling hininga!
Binihisan siya at sinuotan ng bagong damit at binutas nila ang isang bahagi ng
bubungan ng kanilang bahay nga,
Inilabas nila ang kanyang bangkay, binuhusan ng langis at dinikdik na luyang dilaw,
ipinaligo sa kanya ang tubig sa banga.

Balot ng bagong kayong lino, ang kanyang bangkay ay dinala na upang sunugin at
nagpalipad sila ng itim na manok
Buntot ng kalabaw at nilagyan nila ng mga barya ang kanyang palad at bibig para sa kanyang paglalakbay;
Buhat sya ng karwaheng yari sa kawayan patungo sa kanyang pagsusunugan habang
sinasaliwan ng mga tunog ng tambol at tambuli
Ang mga mananayaw sa patay at mga nag-aanito ay sinasambit mga nagawang kabutihan
ng matandang pinuno sa kanyang huling paglalakbay!

Nang nag-ikasiyam na araw, ang kanyang sambahayan ay naghanda ng mga harina
at naghandog dito ng pagkain,
Matapos ang pasiyam ng mahikang pari, orasyon at ritwal, sila ay nagkaroon ng malaking kapistahan,
Kapagdaka'y tinawag niya ang Pinuno ng tribo na si Pagididda Raju at nasa tabi naman niya si
Sammakka habang sila ay kumakain,
Ginabayan at sinamahan niya sila patungo sa paanan ng burol ng mga loro upang sabihin
sa kanila ang isang lihim at kanyang ipinagmamalaking pangitain!

ANG LIBINGAN NG TAO

Mataas na loob! Mapagmataas. Yan ang simbolo ng pagbagsak ng tao.
Ang lahat ng taglay na kayabangan ng tao ay dito humihinto sa hubad na katotohanan,
Hubad tayong iniluwal sa mundong ito at lilisan tayong hubad din patungo sa dakong hubad sa katotohanan,
Ililibing sa ilalim ng lupa, o susunugin kasama ng mga sanga ng kahoy, at ang maiiwan natin
ay mga abo at mga kalansay nating sisipa-sipain na lamang,
Alabok sa alabok, mga alaala natin ay maikukubli na ng mga pagluha, at mga peklat ng sugat
na dulot ng ating paglisan, ang ibang hindi natin napagbigyan ay isusumpa pa tayo at
sasabihing mabuti nga wala na sya! Mapanglamang!

Ang tatlo, sina Pagididda Raju, Sammakka at ang matandang mahika ay sumapit at nakarating
sa isang nakakapanindig na balahibong lugar.
Ang mga iyakan at tunog ng mga tugtog kabisa, bulong ng mga ahas, tunog ng kampay ng mga pakpak
ng mga paniki, at tunog ng mga kuwago sa gabing madilim ay nakakapangatog ng mga paa!
Isang napakalaking hita ng hayop sa loob ng isang kweba. Ibinaon at natatabunan ng makakapal na mga
dawag at lagaslas ng talon, ang tumbad sa kanilang mga mata.

Ang lugar na ito ay punong-puno at pinamumugaran ng laksa-laksang mga unggoy,
pinutakte ng mga paniki, at ng maraming ibong loro,
Mga oso, laksang paruparo, ang nakakapaninidig na balahibo na titig ng musang,
mga uwak, mga daga, at mga bupalo.
Hukbo ng mga kuneho, grupo ng musang, matatapang na lobo, tinatahanan ng mga chakal,
soro, baboy damo, landak, kuwago,
Mga monggus, pabo real, mga pipit, mga katyaw, at iba’t - ibang uri ng mga ahas-kobra,
payton, tubig ahas at mga bayawak.

Ang panay-panay na pagkakaingay ng mga loro, ay nagpatunay na nakakapagsalita sila
Misteryoso ang mga burol na iyon para sa mga tao sa tribo, iginagalang nila ito at pinaniniwalang mapaghimala.
Na ang mga kaluluwa ng kanilang mga ninuno na nandoroon at tinatawagan ng mga tao upang hingan ng
tulong sa panahon na meron silang mga problema na hindi nila malutas!
Winika sa kanila ng mahikero-’ dito ako pansamantalang titigil! Magpatuloy na kayo sa sarili ninyong
paghahanap ng karunungang ipapamalas.

Pinainom niya sila ng sabaw ng Toddy at Mahula na may mga katas ng ugat ng halaman,
mga buto at mga laman kahoy,
Nakaramdam sila ng pagkahilo subalit biglang naging maaliwalas ang kanilang kapaligiran
at tila sumilip ang liwanag,
Magkahawak-kamay ang matapang na mag-asawa, pumasok sa loob ng magulo ngunit tila

– 9 –

ANG LIBINGAN NG TAO

nagniningning na kuwebang puno ng mga alitaptap at kumikinang ang loob nito sa liwanang ng buwan.
Sa isang madilim at makipot, madulas ang daraanan at maraming matatalim na bato sila
nasuot hanggang sa makarating sila sa loob ng kweba.

Nagpapasalit-salit sa kanilang dinaraanan ang mga alakdan at mga ahas, habang ang mga
paniki ay tumama sa kanilang mga mukha at bumubulag sa kanilang paningin,
Sa bawat paghakbang nila ay pagsubok sa katatagan; bawat pagkadupilas ay
parusang kamatayan, dibdib ay kumakabog,
Marahan sila sa paglalakad at natagpuan nila ang pabilog na bato na may mantsa
ng sariwang luyang dilaw at vermilion
Kingki ng langis ay aandap-andap sa sariling usok, isang duguang ulo ng itim na manok
at kabiyak na bao ng niyog.

Nakasusulasok na amoy ng dugo, mga bulok na kahoy, nangangamoy na mga nabubulok
na mga dahon ng gumamela at oleander,
Sa mamasa-masa at madilim na kapaligiran, ang ihip ng amihan ay nakakapangilabot tulad
ng malalakas na tunog ng kulog at ingay ng kidlat,
Nakasabit at umalalagwa sa isang Totem pol ang watawat ng mga tribo sa tabi ng upuang kahoy
ay may nakapatong na malaking sibat
At dalawang sandata na may panudla, nang sila ay nagsimulang humakbang patungo roon
biglang may narinig silang malakas na tinig na sa kanila ay gumulantang!

Nang mahati ang mga usok ay natambad sa kanila ang isang matandang babaeng puno
ng matingkad na pulbos ng luyang dilaw ang nakapahid sa kanyang mga mukha
At kumikintab sa kanyang noo ang isang napakalaking pulang kulay na pabilog, nakasabog ang
kanyang mga buhok at ang kanang dibdib ay tila umaalon
Umuuga ang kanyang hawak na tungkod na nagsisilbi niyang pang suporta sa kanyang kubang likod;
ang kanyang tinig ay nakahihigit pa sa tinig ng taong banal.

-’Bakit atrasado na kayo sa pag-aalay ng inyong mga pangako at panalangin dito sa libingan ng mga patay!
Ha! Kayo na mga anak ng kagubatan!
Bakit ninyo iniaapak ang mga mortal ninyong mga paa? Hindi ito ang panahon upang makakita
ng mga kababalaghang mga bagay kundi upang ipakita ang inyong mga kahusayan!-

– 10 –

ANG ORAKULO AT ANG MIRAKULO



Upang patunayan ninyo ang inyong mga kahusayan mga anak!
Hanapin niyo ngayon ang pintuan tungo sa batong nitso
Eto ay isang pinto na walang susi, subalit isinara ng isang susi, walang susi subalit
ang susi ay nakakubli sa mga sibat
Mga sibat na walang tinig subalit nakaukit sa mga kampanang walang tunog,
ngunit walang kampana na nakasabit sa mga lihim na linya.
Sa pamamagitan ng mga sibat na iyan, kahit anong gawin ng tao ay hindi maglalapat ang susi!
Magmadali ka lalaki at batang usa, walang pangitain at litanya.

Biglang nawala sa likod ng mga usok ang matandang bruha at tila wala ng tao sa loob ng kweba,
Hinipo nila ang mga dingding ng kweba, pilit na itinulak ng kanilang buong lakas,
subalit kahit bahagya ay walang bakas sa kweba
Pabulong na kinausap ni Sammakka ang kanyang asawa,-'mahal ko,
ang susi ay maaring nakabitin sa kawalan,
Hindi natin abot ng tanaw; hindi ito lugar ng mga tao, tutuntong ako sa mga balikat mo
upang makita ko kung ano ang nasa itaas ng hagdan!

Dumalangin sila sa kanilang mga Diyos ng may pagpupuri at pag-awit ng mga himno
at nakita ni Sammakka ang napakalaking bato,
Hinawakan niya ang malaking pana at iniumang ang tudla ng sibat sabay sumampa sa
balikat ng kanyang asawa,
Hawak ng matitipuno niyang mga bisig, umiikot naman ang kanyang mga paningin sa
malabong kisame naghahanap ng mga bakas
Bigla nakita ni Sammakka ang mga sala-sala sa may itaas ng kanyang ulo na may
gumagapang na mabagsik na ahas,

Sumandaling sinaklot sya ng matinding takot subalit kanyang kinalmante ang kanyang sarili
Sa itaas pa ng sala-sala na kinaroronan ng ahas ay isang batong-arko;
na may nakaukit na malaking batong kampana,
Sa gitna ng kampana nakasabit ang gong sa dalawang inilinyang lubid,
sa ibaba nito ay nakalambitin ang isang kutsara na may koronang bulaklak,
"Asintahin mo at putulin mo ang dalawang linya ng lubid na may nakasabit na dalawang sibat",
Ang payo ni Sammakka sa kanyang kabiyak.

Tila isang matibay at solidong bato naman si Pagididda Raju habang nakatuntong sa
kanang balikat niya si Sammakka habang pinuputol nito ang linya ng lubid gamit ang sibat
Isang malakas na kalabog ang narinig, gumalaw ang ilalim ng lupa na inaapakan niya,

ANG ORAKULO AT ANG MIRAKULO



umalimbukay ang alikabok,
Nagsilabasan ang mga ahas at mga demonyo; subalit nasalo pa rin niya ang asawa bago
ito nahulog ng tuluyan sa ibabaw ng lupa.

At biglang tumambad sa kanilang mga mata ang isang matandang puno ng Mahua,
ang mga dahon nito at mga tangkay ay napapalibutan ng lantay na ginto,
Taglay ang kulay tanga at gintong dahon, matingkad na dilaw na bulaklak at makinang na
pilak na mga sanga; bilang alaala, kagyat
Pumutol siya ng isang sanga upang iuwing alaala at sorpresa! Kaagad na tumubong
muli ang sangang tinigpas nito.
Ito ang ina ng lahat ng puno ng Mahua- ang puno ng Madhulika sa rehiyong iyon,
isang kilalang- kilalang alamat!

Sa ilalim ng punong yaon, natagpuan nila ang susi na nakaukit sa batong tilad na nagsilbing pinakahaligi doon,
Nang kanilang hawakan ang susi, nabuksan bigla ang isang tila pintuan at nakita nila roon
ang isang Katalonan o engkantada na malapit sa isang balon!
Pabulong-'ito ang balon ng mga nakaraan at ang isa ay para sa hinaharap, ang nasa gitnang
balon ang kasalukuyang panahon,
Ang ginintuang mga sanga at malaking sibat ay siyang mga bakas patungo sa palaisipang lupain
o kinalalagyan ng mga nakaraan at mga hinaharap ngayon!

-'Ngayon mga anak, kayo ang pumili! Ang kukuha ng gintong sanga ay maglalakbay sa balon ng nakaraan
At ang pipili ng malaking sibat ay aakyatin niya ang mga bulubulundukin ng hinaharap;
o sabay kayong matuling lalakad at maglalakbay sa kasalakuyan,
Ingatan ninyo ang misteryong ito sa kahit kanino at maging sa isa't isa,
magdadala sa inyo eto ng kapahamakan!-
At biglang nagkaroon ng malakas na pagsabog, makapal na usok ang bumalot at kumalat
sa buong kapaligiran, at nakarinig sila ng isang malumbay na tunog!

– 11 –

ANG NANGANGAMOY NA NAKARAAN AT NG HINAHARAP

Ang malumbay na tunog tila musika ay nanggagaling sa kailaliman ng hinahakbangan nilang
mga dingding, nababalot ito ng makapal na hamog,
tila may bumubulong sa kanila,-’ ngayon na ang oras niyo upang magsimula, bago sumikat
ang araw ay dapat kayong makapanumbalik!-
Sa kasalukuyan naglalakad silang magkahawak ang kanilang mga kamay bago nila simulan
ang paghahanap sa lilim ng liwanag at kadiliman,
Pumaibaba ang lalaki sa lilim ng liwanag, tangan -tangan ang gintong sanga habang ang
babae naman ay umakyat hawak ang kanyang sibat,
Sa lilim ng liwanag, hinanap niya ang misteryo ng panahon sa matingkad na liwanag ng guniguni!

Ang mandirigmang prinsipe ay dahan-dahang humakbang paibaba sa paikid na mga
hagdan ng malalim na balon ng nakaraan,
Nagpalipat-lipat siyang sumasabay sa dilim, sa mga anino, sa ilalim ng malamlam na liwanag
Sa kaharian ng mga multo ang mga kaluluwa ng sumakabilang buhay niyang mga magulang na
nangasawi sa himagsikan ang una niyang tinawag,
Hindi man lamang sumagi sa kanyang murang kaisipan sapagkat mula sa kanyang kamusmusan ay minahal at
inalagaan na siya ng kanyang mga lolo at lola! hindi niya naramdaman na walang nagmamahal sa kanya!
Nakita niya ang pagyeyelo ng asul at pagkukulay itim uli nito; makapal na lilim ang dumaluhong
katulad ng tumitilamsik na pagsabog!

Nanawagan si Pagididda Raju sa kaluluwa ng kanyang mga magulang at isinabit niya sa dingding
ng nitso ng mga ito ang gintong sanga,
Bumukas ang isang pintuan sa nakaraan at sa silong nito ay may isang puno ng Sal,
doon nakita niya ang kanyang mga magulang sa anino na palakat
Nakilala nila siya at sila’y napagibik-‘O anak ko! Halika! Tulungan mo kami na makatawid sa
impiyernong ilog na ito!-
Napuno ng luha ang kanyang mga mata sinikap niyang yakapin ang kanyang mga magulang,
-subalit humaginit lamang ang kanyang mga kamay sa malamig na simoy ng hangin!
Sa gitna ng malalakas na panaghoy nila-’ hindi kami naipalibing ng maayos ni walang isinamang
pabaon na mga pilak na pera!

Pag-uwi mo sa ating bahay hanapin mo ang aming mga buto na malapit sa ilog ng Champak,
naipit ito sa mga kawayanan
O anak ko! Ang traidor na sumaksak sa aming likuran ay isa ng may mataas na katungkulan sa
Koponan ng mga kaharian,
Masamang mga araw ay paparating! Ang lahat ng aninong nakikita mo ay ang iyong mga ninuno
Na nagpapahinga na sa kanilang huling panaginip,

– 11 –

ANG NANGANGAMOY NA NAKARAAN AT NG HINAHARAP

Ngayon, maari mo ng makita muli ang matandang babae, ang ina ng iyong asawa at isiwalat ang isang malagim na sekreto!-
Tila tinatarakan ang kanyang dibdib, nagpaalam na sya sa multo ng kanyang mga magulang at nagpatuloy sya sa paglalakad patungo sa madilim at malamlam na liwanag.

Benendisyunan siya ng ina ni Sammkka na malapit ng makararating sa hangganan ng kanyang paglalakbay!
Ng bigla niyang nakita ang isang napakagandang babae na kamukha ni Sammakka,
nahintakutan siyang bigla!
Sa mahinang tinig sinabi nito sa kanya-”Ako ang tunay na ina ni Sammakka”, niloko ako ng parehong lalaki!
Ang anak ng kagubatan subalit hayok sa kapangyarihan; sa tulong ng kalabang tribo,
kanyang nilupig ang buong mong lahi,
Hindi ko maaring ipaalam sa iyo ang buong pangyayari, subalit malalaman mo rin,’
-at biglang natunaw ang kanyang kausap pagsikat ng araw!

Si Sammakka naman ay umakyat sa ibabaw ng burol tinatanaw ang panghinaharap;
Natanaw niya ang isang malaking hukbo na nagmamartsa,
Nakita niya ang malawak na apoy na bumabalot sa buong kanayunan ng kanilang tribo;
nakita niya ang ilog ng Champak na naging kulay dugo,
Nakita niya ang sarili niyang anino at ang totem pol; sa unahan nakita niya ang kahon ng Vermillion-kumkum bharine,,
Nakita niya ang napakalaking pagtitipon ng mga tao na nagpupugay at nagbibigay galang sa sa lupang yaon na basang-basa sa dugo
Nakita niya ang pagbubukang -liwayway, kagyat siyang bumaba at nagtagpo sila ng kanyang asawa sa pangkasalukuyan!

- 12 -

ANG PAGLALAKBAY PABALIK

Nang sila ay makabalik sa kasalukuyan, nalaman niyang walang balon ng mga bangkay;
wala ring burol na nakita si Sammakka!
Ang biglang pagpinid ng saraduhan ng pinto ay nagpamadali sa kanila na lumayo
sa puno ng mga gintong sanga!
HIndi na nila makita ang mahikang matanda, at ilang malalaking bato ang natanggal,
lalo pang umalimbukay ang alikabok at usok!
Nag-iisang hukay lamang ang kanilang nakita at sabay silang tumalon sa ilalim noon,
at bumagsak sila sa mamasa-masang damo sa lupa.

Sa labas ng yungib ay natagpuan nila ang lalaking mangagamot na naghihintay sa kanila,-'
nasaksihan ninyo ang mabuti at masama,
Ilihim ninyo ang lahat sa inyong mga sarili; ngayon ang liwanag na nagmumula sa ilaw ng
lampara ay kulay sutla at nagiging kulay mamula-mulang dilaw!
Alalahanin ninyo ang babala sa inyo! WALA KAYONG ISISIWALAT NA KAHIT ANO! Kayo ay
naglakbay sa napaka-imposibleng panahon!
Kayo ay mga pinagpalang nilalang; subalit, hindi tayo maaaring magsayang ng oras
at magpatalo sa takot at pagdadalamhati!

Pagkabendisyon sa kanila ay bigla ng nawala ang may mahikang manggagamot sa
makapal na kawayanan sa kagubatan!
Napakahirap ng kanilang kalagayan, kailanman ay hindi sila naglihim sa isa't-isa;
napuno ng lungkot ang kanilang mga puso!
Pansamatalang naglakad sila na walang imikan; hanggang sa biglang nagsimulang
magsalita si Pagididda Raju sa mababang tono,
-' Kakaiba ang naging kalagayan nila ngayon! Mahal ko, kinakailangan nating gawin ito,
ililihim natin sa isa't-isa ang mga lihim na ating nalaman para sa kapakanan ng lahat nating nasasakupan.

At pagkatapos sabay silang naglinis ng saril sa malinis na tubig sa ilog ng Champak
at umuwi sa kanilang tahanan!
Ang lalaking mandirigma ay hindi mapakali sa mga salitang tinuran sa kanya ng kaluluwa ng
kanyang mga magulang, umaalingawngaw eto sa kanyang isipan!
Ang pumaslang sa kanila ay isa ng may mataas ang katungkulan sa pinakamalakas
at pinakamalawak na kaharian!
Sino ang maniniwala sa mga salita ng kaluluwa, laban sa salita ng pinuno na kilala
at tanyag sa kanyang kalakasan at karunungan?

- 12 -

ANG PAGLALAKBAY PABALIK

At hinanap nila ang makapal na kawayanan at natagpuan nila ito malapit sa isang daluyan
Na kung saan may isa pang maliit na nagsangang ilog na nakakabit sa ilog ng Godavari,
sa gitna ng makapal na bakod ng kawayan,
Ang bangkay ng kanyang mga magulang ay kanilang nahukay at binigyan nila ito ng tamang paglilibing,
Isinalaysay sa kanila ng mga taga-nayon kung ano talaga ang nagyari sa kanyang mga magulang;-
'napakahaba ng panahon yaon, marami ng kabilugan ng buwan ang nagdaan!

Ang naging kalaban niya ang pinakamalakas na toro noong araw,
kabilang siya sa karibal na tribo sa kabilang ilog!
Ninais niyang maging pinuno ng lahat ng tribo subalit ang ama mo ang s'yang mahusay mamuno!
Sinimulan niyang kunin ang mga baka at nagalit ng husto ang aming mga tao
Sa malagim na araw na yaon habang kami ay nagdiriwang ng kapistahan ng pangangaso, sya ay nakabalatkayo.

Tinambangan niya ang iyong ama at malubhang itong nasugatan,
duguang nakarating ang iyong ama sa kanyang tinitirhan,
Hinabol nila siya hanggang sa nayon at tinapunan nila ng mga sulo ang aming mga bahay kubo,
Nakatakas ng gabing yaon ang iyong mga magulang subalit nasabat sila at sila ay pinatay sa mga sibat,
Tila sa may ilog sila nalugmok; at ang aming ginawang paghahanap sa kanila ay nawalan ng saysay.

Kanino kami magsusumbong? Sino ang aming sisisihin? Isang taon ka lamang noon
inalagaan ka nila at pinalaki ka ng iyong mga lolo at lola,
Ang aming kaaway ay siyang naging pinuno ng tribo at kanyang sinuway lahat ng nakaugalian
ng ating tribo, nadumihan ang mga inosente,
Nang ang paghihimagsik ay umabot sa sukdulan, naramdaman niya na delikado na ang
kanyang kalagayan, bigla siyang kumampi at binigay ang kanyang katapatan sa mga hari,
Ang tusong kumander, nanginginain ngayon sa bukirin ng kaharian at paminsan-minsan sa
panahon ng tagsibol ay gumagawa ng kalokohan!

ANG PINTO NG TULOG

Bigla kong naalala ang isang kasabihan,- May dalawang pintuan ang tulog; ang isa ay yari sa garing,
Ganap, nagniningning, at nagdadala ng tila may propesiyang pangarap na nagdudulot ng lubos
na kaligayahan sa malalim ng gabi ng isang maingay at magulong pagsasaya!
Ang isa naman ay sinasabing yari sa isang maitim na sungay, ito ang labasan ng magkaribal na bangungot'-
Napabalikwas ng bangon si Sammakka, ginising siya ng masasamang pangitain sa kanyang panaginip!

Mula sa araw na siya ay nagkaroon ng karunungan, maraming pag-aalinlangan ang
nagsimulang bumagabag sa kanya,
Bakit maraming mandirigma ng kaharian ang kasabay na nagmamartsa ng kanyang
mga tao at may mga tangan na nakamamatay na sibat at pana?
Bakit ang matamis na simoy ng ilog ng Champak ay biglang nagkukulay dugo?
Ano yaong kahon ng matingkad na pulang pulbos ng vermillion? Bakit pinasok
ang lunsod at nalipol ang mga kagubatan?

Binabantayan niya ang unti-unting paghaba ng panahon na hindi na sila nagkikibuan ng kanyang asawa,
Ang bawat isa ay parehong malalim lagi ang iniisip,
inaanalisa ang pagkakasunod-sunod na pangayayari ayon sa taon!
Gusto niyang malaman sino ang kanyang mga magulang at bakit nila siya inabandona.
Ilan pa bang misteryo ang kailangan niyang alamin bago niya tuluyang harapin ang
mga sugat at peklat ng kanyang buhay.

Ang gulong ng buhay ay dumaraan ngayon sa matigtig at matinik na mga daan
na puno ng mga bato at alikabok,
Tatlong taong tuloy-tuloy na ang Diyos ng Ulan ay hindi dumalaw sa kilalang kakahuyan ng Dandaka,
Ang dating nag-uumapaw na tubig na dumadaloy sa ilog ng Champak ngayon ay natuyo,
maraming ibon at mga hayop ang nangamatay sa uhaw,
Ang makapangyarihang Godavari nagmukhang nagdadalamahati na tila nasa pinakamasamang kalagayan siya!

Ang nagngangalit na atungal ng mga baka, sila ay malakas na umaatungal pagsapit
ng malalim na gabi na nagdudulot ng unti-unting takot,
Ang nakapapangalisag balahibo na ungol ng baboy damo, ng mga sungayang kambing
at mga nakukulong na mga oso sa kanilang mga pugad na kay liliikot
Ang nakakainis na mga ingay ng mga lamok, ang pagbabalik ng mga alakdan
at ng kanilang matinding kagat na nakasusunog
Maging ang mga Mahula at puno ng Igos ay kakaunti na ang ibinunga na nagdulot ng
kakulangan sa suporta ng pagkain sa bawat araw!

Mula sa araw na sila ay lupigin, ang mga taga tribo ay nagbabayad ng kanilang taunang buwis,
Binubuwisan nila ng bunga ng kanilang mga papanim ang mga mananakop ng Orugallu
ng mga kanin sa kawayan at mga bunga ng sampalok,
Mga balat ng hayop, pinatuyong bulaklak ng Mahula, mapupulang gramo, mga balahibo ng pabo, at mga
kamoteng kahoy at mga lamang ugat,
Karet, mga pana, sibat, ibon, mga hayop, mga de-premera at mamamahaling mga kahoy, dahon ng tendo, at
mga kawal na mandirgima!

Ang mga hindi sumasang-ayon na taga-loob at taga-labas ng lunsod ay nakaabang sa
mga hangganan ng kanilang malawak na kaharian
Hindi mapakali ang hari, inip na inip sya sa kahihintay na marinig ang tunog ng tambol na
hudyat na dumarating na ang mga may dala ng buwis
Sa ayaw at sa gusto nila ay dadaanin sa dahas o sa mabuting pakiusap, kailangan maipon na
mula sa mga ayaw magbayad ang mga buwis
Napag-alaman ng punong ministro na tagapamahala sa pag-iipon ng mga buwis na hindi
sila makakabayad dahil sa tagtuyot.

Kaya pinagkalooban niya ng kapangyarihan mangolekta ng mga buwis ang mga pinagkakatiwalaan
niyang mga kumander ng tribo ng mga kawal mandirigma,
Sya si Peddapuli Raju isang dating lider ng tribo, sanay at mahusay na taga-panudla at may mataas na ambisyon,
Pinatawag sya sa isang biglaang pagpupulong ng mga matatanda at mga pinuno ng Kagubatan ng Godavari,
-” Dalawang taon ko na kayong pinagbigyan, subalit ngayong taon ay hindi na ito maari, Kailangan ninyo
magbayad ng buwis, hindi ko na kayo pagbibigyan pa!’-

- 14 -

ANG LASON AT ANG APOY

Magpahingalay! Paano namin yan maiisip pa o magagawa.
Wala ng laman ang aming mga tapayan ng tubig.Ang mga ibon at hayop ay nangamamatay na!
Tingnan niyo! Napakatindi ng sikat ng araw na tumutusok sa aming mga balat at natuyo na ang luha ng mga Ina!
Ang mga haliging kahoy ay tila umaapoy, na ang bawat madiit na mga ibon, baka at tao ay napapaso
Tinamaan ng mga sakit. Peste at matinding lagnat ang dumapo sa mga tao; marami ang
nangamatay at walang humpay ang tangisan at iyakan

Kumalat ang lason kahit saan, sinunog namin ang aming mga kubo upang luminis ito;
oras na upang sumangguni sa manghuhuhula
Nangakatipon ang lahat ng matatanda sa nayon, mga hepe,
pinuno at manggagamot ay nangagkatipon sa Medaram upang magkasundo sundo!
Mila sa kabilang sapa o pampang ng Godavari may isang kilalang pari, at marami ang sa kanya ay lumalapit!
Ang balita ay mabilis na kumalat; makapal na bilang ng mga tao ang nagsidatingan upang maipanalangin!

Bilang hepe sa pampang ng ilog ng Godavari, pinamunuan ni Pagididda Raju ang mga matatanda,
Nagpatirapa, sumamba sila sa Diyos, pinag-aralan ang paglipad ng mga ibon,
nagpalabunutan, naghagis ng mga dais at mga bigas
Tinawag nila ang mga kaluluwa at nag-alay sa mga ibon at mga hayop, pinag-aralan nila ang pagdaloy ng dugo,
Sinumpa nila ang naghahangad ng masama laban sa kanyang kapwa, at nagsabog sila ng mga pulbos ng
saspron, vermillion upang itaboy ang mga demonyo!

Ang apoy sa imahe ng Diyosa ng Kalupaan ay naglalagabgab, sinabuyan niya ito ng mira at ambar,
Makapal at mabigat ang mahalimuyak na usok at amoy ng mga dugo hayop na inihandog
at sinunog tulad ng basang troso ng ensina
O matatanda ng kagubatang Ito! Inutusan mo akong ipaliwanag sa kanila ang galit ng Haring araw!
Ang di-kalayuang nakamamatay na animo pinapana ka sa tindi ng init.
Tulad ng isang lalaki na inalihan ng Haring ARAW malakas at nakabibingi ang tinig na pinakamataas na
pari! Pinahihihrapan tayo ng husto, anong parusa ito!

Meron akong taong gagalitin ng husto- Nakikita ko na ngayon ang isang matapang na tao
na pamumunuan tayong lahat na mga tao,
Kahit pa lunukin niya ang kanyang galit ngayon, hihilumin niya ang nag-aaalab sa kanyang manhid na dibdib!-
Narinig nila ang nakabibinging tunog, umuuga ang lupa sa yabag ng mga kabayo at ng kawalerya,
napuno ng alikabok ang buong paligid
Nagliparan bigla ang mga ibon tungo sa iba’t-ibang direksiyon; narinig nila ang kahulan ng
mga aso at nangingintab ang kanilang mga espada.

ANG LASON AT ANG APOY

Napapaligiran ng mga kawal ang buong pagtitipon, tulad ng hayok na tigre pumasok ang
kanilang kumander sa gitna ng pagtitipon,
Nagbigay galang sya sa mga diyos-diyosan; binati ang mga pari at matatanda;
silang lahat ay tumindig at nagbigay pugay!
-'Pedda puli Raju! Pedda puli Raju! Purihin si Pedda puli Raju! Dagundong ng sundalo!
Itaas ang Prinsipeng mandirigma!'-
Ang mga mandirigma ng hari ay nakaupo sa upuang yari sa kawayan na may takip
na balat ng tigre, marangya ang dating.

Nagpuputok ang kanyang dibdib sa galit-' pagkalipas ng maraming buwan nandirito
ako ngayon sa loob ng bakuran, nanghihina sa ilalim ng galit ng Diyos!
Nasa iyo ang sumpa! Hindi kayo nakakapagbayad ng buwis sa hari! Ang hari ang ating Diyos dito sa lupa!
Ngayon mga pari! Ituloy mo ang iyong mga hula, ano ang naghihintay sa ating lahat?
Ano ang pumapasok sa kanilang mga utak?
Tinitigan sya ng pinakapunong pari na may mapupulang mga mata! - 'O anak ng lupa!
Isang kalamidad ang darating!

Dudurugin ang mga bata sa ilalim ng lakas ng mga bato magkukulay dugo ang lupaing ito.
Iyang malahiganteng bato ang dudurog sa mga kulog sa norte! Naaamoy ko ang paparating na pandaraya!
Ang walang mga habag na hukbo ng kawal na mandirigma ay pinana ang isang usa,
ang sarili niyang anak, Diyos ko! Kunin mo na ang buhay ko!-'-
Hindi maunawaan ang mga binibigkas ng pinunong pari habang siya ay sinasaniban bigla niyang
isinaksak sa kanyang sarili ang hawak na punyal gamit sa paghahandog.



Ang balaraw na siyang itinatarak sa iniaalay ay itinapat ng pinunong pari sa kanyang leeg at kanyang hiniwa ito, patakbong inagaw ni Pagiddida Raju ang balaraw sa pari, at tinalian ng tela ang kanyang sugat. Biglang nagkaroon ng kaguluhan at mabilis na tiningnan ng mga kawal ni Peddapuli Raju kung ano iyon! Kapwa alam ng pari at Pagiddida Raju ang isang lihim subalit dahil sa natamo nilang mga sugat ay hindi sila makapagsalita at dahil na rin sa kanilang sinumpaang pangako!

Sino ang tandang na ito?'-tanong ng kumander sa isang mahikero, nakikilala ko sya. Pamilyar ang kanyang mukha!'-
_Siya si Pagiddida Raju, ang anak na lalaki ng matapang at dakilang mandirigmang si NagaRaju ng Nayon ng Poonugondlu!-
O! Oo, natatandaan ko na! Ama niya ang pinatay ng mga kalaban matagal ng panahon ang lumipas, panahon iyon ng walang habas na kaguluhan!
Seryoso siyang nagwika- Ngayon sa ilalim ng Kataastasang pamunuan, hindi namin papayagan ang inyong panghihimasok!-

Nagpupuyos man sa galit ay nagtimpi parin si Pagiddida Raju at tinitigan niya ang lalaki ng matalim! Inihiga niya ang sugatang lalaki sa pangangalaga ng isang albularyo at tinitigan niya ng may pagbabanta ang kalaban!
Ang kanyang karibal na matandang mangangaso ay masusi siyang sinipat nito at pinagmasdan mabuti ang kanyang mga kilos at ngumisi na itila may lason ang kanyang ngiti!
-' Benebendsiyunan kita! O toro! Halika, sumama ka sa linya ng mga pangunahing sundalo ng hari, yon ang tamang lugar para sa iyo, anak ko!
Ikaw ba ang pinuno rito? Seguruhin mo na magbabayad ang nasasakupan mo ng kanilang buwis o haharapin niyo ang mapiit!

Pulang-pula sa galit si Pagiddida raju!- Walang mga kahihiyan-mga mapagsamantala-nasan ang inyong kinang! Mapagmalabis!
Hindi kailanman kami nagnanakaw ng mga alagaing mga baka o nanununog ng mga kubo!
Napakalaki ng kasalanan ninyo sa amin, tulungan niyo ang mga tao kung kaya niyo!
Huwag niyo kaming pilitin na ibalik ang mga nalibing na mga kalansay sa ibabaw ng lupa at magpaulan ng sibat sa dilim!
Ang mga anak ng kagubatan ay halos mamatay sa ilalim ng mga nagbabagang Araw at pinipilit niyo silang magbayad ng buwis!-'

Ngayon lamang nila nakita ang kanilang kalaban na isa lamang batang leon. Ngayon lamang sa unang pagkakataon na may nagtaas ng boses mula sa kanilang kalabang tribo,
Humigpit ang kanyang pagkakahawak sa puluhan ng kanyang makapangyarihang espada subalit

ANG UNANG PAGTUTUOS



ang matalinong soro ay hindi lumilikha ng ingay!
Napuno ng galit sa kanyang dibdib, nagngangalit ang kanyang mga mata ay tila nakakapasong
apoy na naglalagablab tulad ng naglalagablab na apoy sa kakahuyan,
Bigla, sa nakamamatay na tingin, bumaling siya sa pari at biglang umalingawngaw
ang kanyang tinig,-Mag-iingat kayo!

Nakakapaso ang iyong galit subalit ikaw lamang ang masusunog nito! Sumunod kayo
sa mga pagbabago o mauubos ang lahi niyo!
Ang lahat ng mga sandatang kahoy at yari sa lupa ay yuyuko sa talas ng talim ng aming mga bakal na sandata!
Ang uod ay uod, subalit ang mga ahas ay hindi, sila ay susugpuin sa pamamagitan ng apoy
at maglalagblab sa paghihiganti!
Sa utos ng aking kamahalan, narito ako upang ipaalaala sa inyo ang inyong tungkulin
at ito na ang huli kong pagbabanta!- Pakatandaan niyo!

Magara ang kasuutan ni Peddapuli Raju, lumakad siyang tila isang tigreng handang pumatay
at sumakay siya sa kanyang kabayo,
Sumunod sa kanya ang kanyang mga kasamang kawal at sundalo, pinaligiran nila
siya handang ipagtanggol sa anumang oras na may magtangkang lumusob sa kanila;
tulad ng isang matatag na mangangabayo

ANG PROBLEMA NG DIGMAAN

Ang simbolo ng kanilang pagtutol gaano man katigas ito ay sinisikap nitong mailayo ang digmaan
Sapagkat ang digmaan ay hindi isang laro, ito ay pagkitil sa buhay ng tao, dugo, laman;
Pakaliwa, pakanan, patuloy ang ang pag martsa tungo sa sugatang sunog na latian at pansamantalang trabaho;
Mga matang puyat at kaisipang kailangang tapusin ang laban,
ibalibag man o ipag-ikit sa sasakyan ni kamatayan at maglaho!

Ang mga buwitre ay may mga sariling tagapagsumbong, tila mga soro,
hayena ang kanilang mga ilong sa lakas ng pang-amoy,
Ang mga demonyo at bampira ay inagaw ang kanilang mga lugar sa
kanilang daraanang pasilyo ng mga labanan
Dumating sila sa labanan dala ang mga nakakabinging ungol at halinghingan ng mga
tambol halinghing sa nakaabang na kamatayan,
Ang mga itim na uwak ay naghahanap ng masisilay na mga taong hindi na dumidilat ang mga mata,
mga langaw na namamahay sa mga maantang laman, at ang soro ay nag-aabang ng masisila!

Pagkatapos ng martsa ng giyera, ang tumulong mga luha ay nag-tila ilog,
umaagos na mabilis patungo sa mga mortuaryo,
Ang tilad at uma na sisidlan ng abo ng patay nakaukit ang mga pangalan ng nangamatay sa labanan,
Maraming alalahanin tuwing may digmaan ang dami ng napipilayan, nasusugatan
at sa mga tinamong sugat sila ay napuno ng bendahe.
Mga patay na buhay ay lumalakad sa gitna ng mga nilipol na mga bahay at mga kuta, mga kuwago ay
naghihiyawan sa karimarimarim na mga labi,
Labis ang paghihinagpis ng mga naulila at nabiyuda sa tindi ng sakit na nadarama nila, tila wala ng nalabi
Laksa-laksa at patong-patong ang mga bangkay na animoy paninda sa palengke.

Ang dating masaganang bukirin at malinis na tubig sa lawa ay napuno ng nabubulok na mga bangkay,
mga halaman ay nagdurusa sa bulok na mga bangkay
Kawawang mga musmos ay binabangungot sa naranasang lagim, ang mga balo ay walang magawa kundi
tumangis habang inililibing ang kanilang mga asawa, niriritwalan ayon sa kanilang kaugalian
Nananangis ang mga alagang hayop at mga bakahan sa sobrang gutom, nag-aagawan sa gutom ang mga
asong gala at mga daga sa mga nabubulok na mga bangkay
Lumaganap ang ibat-ibang uri ng mga salot at karamdaman dahil sa dumanak na mga dugo sa mga daan, kalye
at lansangan sa loob at labas ng mga lunsod at nayon.

Ang nagkamit ng tagumpay ay iwinagayway ang kanilang mga bandila sa nasasakupan,
winasak nila ang mga lugar ng pinagsasambahan at mga itinalagang dakong panalanginan at dakong banal,
Ang kalupitan ay nagpasimula, ang lahat ng kalabang mandirigma ay pinagpapatay

ANG PROBLEMA NG DIGMAAN

at isinakripisyo sa dambana, nagdulot sila ng matinding takot
Ang mga dugong bughaw ay pupugutan ng mga ulo o lulupigin hanggang malupig
at ang mga malalakas ay aalipinin,
Mga kababaihan ay magtatamo ng kahihiyan, pagpapahirap, pagkawasak ng buhay
at ang pagkatao ay pilit na yuyurakan ang dangal

Mga mandarambong ay magpapahingalay sa kanilang mga pugad at planado na ang
gagawin nila sa sunod na sasakupin
Ang rebelyon ay nangibabaw at nalupig ang mga kaharian, unti-unting napulbos mga kaharian;
nawala at lumipad ang lahat ng moral ng kapayapaan;
Subalit ang hapdi na dulot ng lahat ng ito ay nanatili, kasinungalingan sa totoong karanasan
at pangyayari sa nagdaan ay iniukit lamang sa mga tapyas na bato at mga dahon ng igos.

Dumaan ang maraming dekada at siglo na nawalan ng saysay tulad ng buhangin na lamang sa dagat,
mga bayani at mga pinuno ay tila mga imahe lamang sa tribo
Sa ibang lugar ang mga natirang mga matatapang na mga tag-lokal ay naging mga diyos;
mga kultura ay nagkaaway –away at nagkanya-kanya sa kanilang mga paniniwalaan na tila matatalino
Ang mga mamatay tao ay ginawaran ng mga karangalan na animo ay mga muling nabuhay
na mga diyos- diyosan at naging kagila-gilalas ang mga ito
Dito nakita natin ang tanging haimbawa sa daigdig; ang mananakop ay sinamba at pinaglingkuran
ng lahat ng tao anuman ang edad nito!

- 17 -

ANG EMBAHADA SA ORUGALLU

Matagal na panahon na, simula pa sa kanuno-nunuan namin,
hindi pa nagkaroon ng ganito katinding tagtuyot at taggutom
Saan nila kukunin ang ibubuwis nila kung ang pang araw-araw nilang ikinabubuhay
ay nawasak lahat? at ni wala silang makain
Ang mga anak ng kagubatan ay nabubuhay na lamang sa bawat araw,sa kung ano ang meron sa
bawat araw na maidudulog sa kanilang hapag, hindi sila nasanay sa pagkamal ng salapi,
Anuman ang kakarampot na kanilang mga pag-aari ay nagastos na nilang lahat, ano ito
at minamadali ng mga maharlika!

Lahat ng pinuno ng tribo sa magkabilang grupo ng Ilog ng Godavari ay
nagkatipon-tipon upang pasinungalingan ang lahat,
Sa kauna-unahang pagkakataon, kanilang ibinulalas ang pagpapahirap ng kaharian
sa pamamagitan ng sapilitang pagsingil ng buwis,
Ang kahirapan ay siyang pinaka-ugat ng karangalan; kabutihan; pinagkakaisa nito ang
pagkakaiba-iba ng paniniwala ng ibang tao sa kanilang pagpapakasakit, dugo at pawis ang puhunan!
Iminungkahi ng pinaka-pinuno na si Nela Raju ng nayon ng Peddapuli Raju na magpadala ng
kakatawan sa kanila sa trono ng hari!

Limang pinuno, limang matatandang kalalakihan at limang albularyo ang pinili upang
maging kinatawan ng Kagubatan,
Wika ng isang pinuno,”bagamat ang mga anak natin ay nagtatrabaho at nagsisilbi sa mga
kawal ng palasyo, nag-uusap-usap silang pabiro!
“Ang tingin at trato nila sa atin ay mga walang pinag-aralan at mga salbahe; maaring hindi
nila tayo tatanggapin ng maluwag sa kanilang dibdib
Subalit tayo ay tutungo pa rin roon, ipagdasal nating pagbibigyan tayo ng mahal na hari
hanggang sa matapos na ang tagtuyot at taggutom!”-
,
Naghanap sila ng iba’t-ibang mga maihahandog, kasama pati ang mga ipinamana sa
kanila para lamang matuwa ang hari,
Pinangunahan ni Pagiddida Raju ang grupo ng kinatawan at ang pinunong si Nela Raju
ang tagapagsalita sa gagawing pakikipagpulong nila sa palasyo,
Nagdasal ang albularyo sa kanyang mga diyos-diyosan at sila ay naglakbay patungo sa
Depensa ng Lungsod ng Orugallo, dala ang pag-asa!
Sa batong pintuan sila ay pinahinto ng mga bantay; pinayagan silang makapasok
-subalit hanggang sa may Iabas lamang sila ng palasyo.

ANG EMBAHADA SA ORUGALLU

Sa pangyayayaring ito ay mahirap at imposible ng makaharap pa ang hari.
Ang Makapangyarihang hari ay abala sa pagpaparusa sa mga kaaway na angkan,
Kung meron silang samaan ng loob, at hindi pagkakaunawaan maari silang pangatawan ni Peddapuli Raju
Masayang tinuran ni Nela Raju, “kung ganoon, ang ating mga mabibigat na suliranin ay
nalutas na! Siya ang ating batang oso at sya rin ang tigre, susundin niya tayo!”-
Dumaan ang maraming araw, wala silang mahintay na tawag mula sa kanilang kumander,
ang dinala nilang probisyon ay tapos na

Silang lahat ay tumungo sa tahanan ni Peddapuli Raju,
naghintay sila ng mahabang oras sa kanyang pagdating,
Naiisip nilang nabigo sila sa makapal na bantay ng palasyo, walang may pakialam,
hindi pinagbigyan ang kanilang idinulog.
Ng maghahating gabi na ay natanaw nila sya, hinudyatan niya ang mga bantay na papasukin sila!
Naunang nagsalita si Nela Raju-’ O anak ng tigre, O dakilang mandirigma,
mahabag ka po sa amin! Patawarin niyo po kami na sa inyo ay nagkasala.

Ang pinakamamahal naming bukirin, kagubatan at kakahuyan ay tuyong-tuyo.
Matindi ang taggutom at peste. Tanging ikaw lamang ang aming pag-asa.
Nakikiusap kaming ipagpatawad mo muna sa amin ang aming mga utang na buwis
hanggang sa muling bumuhos ang ulan at pagpalain kami ng Dios ng kalupaan.
Wala kaming paraan upang aming mabayaran ang aming mga buwis na utang!
Umuungol sa hirap ng kalooban, winika ni Peddapuli Raju-’ maaring kayo man ay
nagdaranas ng kahirapan tulad namin!
Kung hindi kayo makakapagbayad ng mga buwis, ibenta ninyo ang mga lupa ninyo,
ang inyong mga ari-arian kasama na ang mga mamamayan ninyo. Sakop kayo ng lunsod na ito!

Hindi kami nakakahandang makinig sa mga paliwanag ninyo. Wala kaming pakialam sa
mga suliranin ninyo. Paparituhin ninyo lahat ng mga tao ninyo dito sa aming kaharian,
Magtatrabaho sila at magsisilbi sa aming mga mandirigma, o magbabayad kayo sa inyong mga kasalanan!’-
“Hayaan niyo po akong magpaliwanag!” Kami ang mga anak ng kakahuyan,
Mas gusto namin ang maging malaya; Isinilang kami kung paano isinisilang ang mga hari,
kinamumuhian namin ang pang-aalipin sa amin sa kahit anong kaparaanan.

ANG PAGKAKAHULI SA TIGRE

Ah ganon, ang lakas ng loob mong pag-wikaan kami ng ganyan?
Hulihin sya at igapos. Dito susunod ka at hindi mo kami maaring taasan ng boses.
Minsan na kitang pinagbigyan!-
Ngayon ay hindi na!
Malakas ang tinig na nag-utos ang kumander, bago pa nakapalag si Pagididda Raju ay nakatutok na ang mga matatalim na espada sa kanya, at laksang mga kawal ang pumalibot sa kanya!

Wala ka sa kakahuyan, anak! Dito aming pinapatay ang sunog bago pa ito magsimulang umapoy.
Huwag kang gumawa ng gulo!
Kayo na mga matatanda! Umuwi na kayo at magdala rito ng inyong mga buwis gaya ng sinabi sa inyo upang pangtubos sa kanya ulo!'
Nauunawaan ng mga kinatawan ng kakahuyan na sila ay nahulog sa isang bitag,
bitag na hindi ka na maaring makalabas pa; sapagkat sarado ang mga pinto;
ito ay labanan ng mga tigre, isa lang ang maaring magwagi!

Tinutulan ni Pagididda Raju ng kanyang buong lakas ang pagkakakahuli sa kanya.
Subalit ang tigre ng kaharian ay nakapagplano ng husto laban sa kanya!
Iginapos nila siya ng lubid at hinila papasok sa kulungan at ikinulong sa madilim na selda!
Nahintakutan ang mga matatanda at nanikluhod at nagmakaawa na palayain si Peddapuli Raju!
Subalit sinabi sa kanila-'Ang inyong mga buhay ay di namin kinuha, hinayaan namin kayong mabuhay, umuwi na kayo bago pa magbago ang aking desisyon. Wala na tayong pag-uusapan pa.

Nanangis ng husto ang biyenang lalaki ni Pagididda Raju, nakiusap sya ng husto subalit sinipa syang palabas sa mansiyon.
Sinamahan sila papalabas ng lungsod at ipinagtabuyan pa!
Ano pa ang magagawa nila kung ang kanilang sariling anak, dugo ng kanilang dugo ay inalisan ng puri!
Tungo ang ulo at bagabag ang mga damdamin narating nila ang kakahuyan, ano ang maari pa nilang gawin?
Magpapadala ba sila ng sampung libong kabataan upang magsilbi sa mga kawal sa palasyo bilang mga alipin o ang utos ng emperyo ay suwayin?

Papaano naman ang kaligtasan ni Pagididda Raju? Papaano namin sya palalayain mula sa pagkakakulong?
Ang buong tribo ay nanangis! Gulong-gulo ang kanyang buong sambahayan! Ito na ang pinakagrabeng pangyayari at panahon na naranasan nila sa kanilang buhay!
Nangagkatipon ang lahat ng matatanda sa nayon at nagkaisa sa kanilang pagpupulong!

ANG PAGKAKAHULI SA TIGRE

Hinikayat ni Sammakka sina Saralamma at Nagulamma, ganon din si Jampanna sa misyong ito,
Ang kabiyak ni Saralamma na si Govinda Raju ay sumama sa kanilang mga pag-uusap
at sa huli ay sumama na rin sa labanan!
Tinanggap nila ang bendisiyon ng mga nakatatanda at tumungo na sila sa Dakilang lungsod
na napapaligiran ng mataas na pader
Dala-dala nila ay mga nakaugaliang mga pana at sibat at mga tuyong bulaklak ng Mahula sa paso.

Itinayo nila ang kanilang kampo sa may malapit sa kulungan; kinaibigan nila ang
bantay kawal na dati nilang kasamahan sa kanilang lahi!
Napag-alaman ngayon ni Pagiddida Raju na ang kanyang buong sambahayan ay nasa labas ng kaharian
at naghihintay sa kanya! Swerte lamang ang siya ay mapahintulutang makalabas o sila ay makapasok.
Samantala ang matagumpay na mga sundalo ay nakarating na sa lungsod;
dahil sa sobrang kagalakan ang hari ay nagpahanda ng malaking salo-salo at pagdiriwang!
At kanyang pinalaya ang lahat ng mga bihag at sa oras ding yon ay nagtagpo at nagkita ang
Hari ng mga Tigre at ang Tigre sa Kulungan!
-’ Magpalakas ka at mag-ipon ng lakas anak ko! Pagmasdan mo ang kadakilaan ng kaharian;
ang iyong pagsalansang ay mabibigo lamang!
Tumugon si Pagididda Raju-’Opo kamahalan! Dugo sa dugo and pagmamahal sa pagmamahal!
Igalang natin ang pasya ng mga diyos-diyosan!

ANG MAKAKAPAL NA PADER NG MOOG BANTAYAN



Ang plano at desisyon ng Makapangyarihang Diyos ay nasa kamay ng pananaw ng tao,
kagyat nagtitiwala ang tao sa mga mahika!
Itong mga manggagaway ay nakalilikha ng mga kababalaghan sa lugar ng mga pinagsasambahan,
nagpapagala-gala sa mga lugar ng mga may birtud
Nagsasalita ng mga wikang hindi maunawaan, umaawit sa iba't ibang salita, at nagpapapakita
ng kakaibang mga galing at mahika!
Kadalasan habang sila ay nagriritwal, kanilang sinasaktan ang mga inihahandog,
dugo ay dumadaloy at pumapatak sa bawat inihahandog!

Humahalimuyak ang naglalagablab ng altar nila sa tindi ng amoy ng usok ng citadel, mga ibinudbod a
t ikinalat na kamanyang, mira at makapal na kahoy. Sama-sama sila sa kalagitnaan ng mga kakaibang sigils,
sa gitna ng mga ipa ng puting harina, dilaw na luya at ng pulang pulbos na vermillion!
Mga halo-halong kulay na mga lamang ugat, opium, empanada, mahua o sabaw ng toddy na kanilang sinisipsip
Sa kapistahan at pagdiriwang, may prosisyon at mga inaalihan ng espiritu upang kanilang isiwalat
ang mga natutulog na mga diyos-diyosan.

Takot at kaba at pag-aalinlangan ang bumabalot sa kanilang mga rason,
ang kadiliman ay nakapagdadagdag ng pag-iilusyon,
Ang kakulangan sa kaalaman ang nagpapadagdag ng tsansang makabuo ng kalituhan,
Ang mga alamat at mga kwento sa nayon ay naging kwento ng buhay at mahahabang
tula para sa susunod na henerasyon
Malahiganting mga istraktura at mga arko, mga templo at moog bantayog ay nawalan ng
silbi sa seguridad ng mga bansa!

Sa Silangan ng Vindyhya, ay nandoroon ang saklaw ng Satpura sa kapatagan ng
Deccan na minsan ng pinamunuan ng mga Chalukyas at Cholas;
Sa mga huling panahon ang rehiyon ng nagsasalita ng Marathi na ang kapital ay sa Devagiri ay
pinamunuan ng Seuna Yadavas; Hoyasalas sa Karnataka na ang kapital na bayan at sa Dwarasamudra;
Pandyas ng lupa ng Tamil kasam Madurai,
Kakatiyas sa kabila ng Telugu Nadu ang kanilang kapital sa Orugallo ay abala sa taunang pakikipaglaban
Hindi alintana ang mga laksang dayuhan na may bagong relihiyon at nagtatayo ng mga bandila
at nagha-harian sa bandang norte!

Ng magdeklara ng kalayaan ang mga may mga hawak ng lupa sa
hilagang Chalukyas at sa pamumuno ng kakatiya
Pinalitan ang Kannada ng salitang Telugu sa panahon ng unang pamumuno ni Rudra Deva

- 19 -

ANG MAKAKAPAL NA PADER NG MOOG BANTAYAN



Sa Kapital na lungsod Anamakonda, itinayo ang kagila gilalas na libo-libong pundasyon ng templo!
Nagtayo ng malaking bato sa paligid ng kakampi nila at pinalitan ang kapital ng
hari ng Ganapathi Deva sa Orugallo.

Tila nabuhay ito sa pangitain ni Rudra Deva, ang kuwentong ito ay
sinasabi nilang nangyari ng siya ang naghahari!
Naging kapital ang Orugallu sa panahon ng Ganapati Deva, maunawain, mabait at isang dakilang Hari
Ang anak niyang babae ang Reynang si Rudrama Devi- isang lion na nakapagpasakop sa lupon ng mga elepante
Pinalibutan ng malalim na bangin na may tubig at naitayo ang moog sa panahon ng kanilang paghahari.

Makapal na pader na yari sa putik ang ipinalibot sa malalalim na hukay,
sa ilalim ng malahiganteng granite na batong moog
May apatnapu at limang malalawak na balwarte, may mga maliliit na tore na halos umabot sa langit.
Mga disenyo ng bato na apat na disenyo tulad ng sa mga disenyo ng mason
May tatlong dalaga anak si Reyna Rudrama- si Mummadamma, Ruyyamma, at si Rudrama,
Ang anak na lalaki ni Mummadamma na si Pratapa Rudra ay naging hari pagkamatay ng kanyang lola.

Hindi matanggap ang katotohanang babae ang nakaupo sa trono, nagdeklara ng kalayaan si Amba Deva;
Nang maging hari si Pratpa Rudra ay biglaang inatake niya hanggang sa malipol nila si Amba Deva.
Lahat ng kadakilaan ng isang kaharian ay kakain ng alikabok tuwing may mas malakas na
hukbo ang mang-aagaw ng kanilang moog.
Ang lakas ng mga kaharian ay lumuluhod hanggang sa malunod sa tubig ng Narmada na isang ilog.

- 20 -

ANG LUNGSOD NG MGA BATO NG DIAMANTE



Kasing lawak ng ilog ang naiipon na diamante sa minahan ng Kolluru na nagpupuno sa mga silid ng kayamanan
Sapat na sapat ang dami ng mga ginto upang balutin nito ang buong bundok ng Hind,
mga perang yari sa ginto ang nang-aakit ng labis na pagpapatubo
Nakahihigit ang mga mga diamante at perlas sa dami ng mga isda at maliliit na mga bato sa paligid
ng malalim na tubig sa paligid ng kaharian, libo-libong mga kabayo
Daan-daang turuang mga elepanteng Malabar, siyam na uri ng mahahalagang bato na magpupuno sa kalakal

Ang lungsod na pinasimulan ni Rudra Deva ay ang Orugallu-Ang lungsod ng isang Bato ay
umaakit ng mga manlalakbay at mga negosyante,
Nagmumula sa iba't-ibang sibilisadong mundo ng mga mamimili,
naglalako ang nagdaragsaan sa mga daan na may katalasan ang pag-iisip,
Ang maliliksing mga kabayo ng bahri at kohi, matang pusa, mga perlas,
esmeralda at mga batong korales at diamante,
Lahat ng mga yan ay inilalako sa kahabaan ng daan,
ang ikatlong mata ng Panginoong Siva ang kilalang pinakamalaking diamante;

Ang apat na naglalakihang arko yari sa isang bato, ang malaking gitnang
pulang granite sa gitna ng templo ng Ganapati deva
Mahusay na pagkakagawa na bahay sayawan ang ipinagawa ng Reyna Rudrama
Devi sa kanyang anak na babae
Ang huling hari na si Prataparudra Deva ay pumayag na humarap sa publiko at pinagpala niya sila
O mahal na Siva Ratri, ang kasalan ng gabing yaon ni Panginoon Siva ay
ipinagdiwang nga sa napakagandang bahay sayawan

Ng magkasama-samang muli si Pagididda Raju at ang kanyang asawa at mga anak
ay namalas nila ang kagandahan ng matatag at dakilang moog,
Naunawaan na niya kung bakit ang mga ordinaryong tao na nakapasok na sa loob ng
lungsod ay ayaw ng bumalik pa sa kanilang mga kubo sa kakahuyan,
Subalit, hindi ba nawalan sila ng kalayaan? Tanong niya sa kanyang sarili- marahil gusto
rin nila magkaroon ng hanapbuhay at makapagpahinga sa pagbubukid,
Ligtas sila sa kustudyo ng hari at kanyang kapangyarihan habang ang iba ay alipin naman

Kung ganoon, paano mabubuhay sa pabago-bagong panahon? Paano ang gagawin
ng mga anak sa kagubatan, at sila na mga naghaharia-harian?
Magpapasakop sa mga panginoon sa lunsod? Kaya ba nilang tanggapin ang mahigpit
at masakit na mapanakop nilang pamamaraan?
Sa tatlong taong walang ani at tagtuyot ay natuto sila kung paano magutom at mauhaw,

ANG LUNGSOD NG MGA BATO NG DIAMANTE



gaano pa katagal pa sila makakatagal sa tuyong mga sapaan?
Sa kanyang pagbabalik mula sa malayong paglalakbay ang mga alalahanin ay hindi maalis
sa kanyang isipan, kung kami ay hindi papayag ano ang ihahatid na kamalasan?

Pumasok sila sa loob ng kagubatan sa gitna ng nagsisimulang pagpatak ng ulan
nagpapakahulugan ng magandang senyales,
Nagpasalamat ang mga tao sa nayon sa kanilang mga diyos at nakabalik ng ligtas
ang kanilang pinuno sa kanyang sambahayan at mga nasasakupan!
Lumipas pa ang tatlong buwan ng tagtuyot at naging napakatindi ng init at tagtuyot
tulad ng temperamento ng tagapamahala!
Sa ngayon ang Piyesta ng Dassara ay magiging mahaba ang pagpapasensya,
ang magbayad ng buwis o maging handa!

Sa wakas dumating din ang matinding pagbuhos ng ulan,
at mga bato, maitim na ulap na may kasamang kulog, napunit ang bughaw na kalangitan
At nang lumitaw ang kidlat, nagdulot ng sobrang tuwa sa mga taong nangawalan na ng pag-asa,
Napaindak ang mga pabo real at mga tutubi, ang tuyong mga sapa at kabatuhan ay ngumiti,
humalakhak ng matubigan
Nagsi-awitan ang mga palaka ng matubigan animoy nagkonsyerto, mga tagak,
tuhak at maiitim na kurmorant ay naglublob, nagbabad at nagluoy maghapon.

Maalikabok na mga puno sa kagubatan ay nahugasan,
naging madulas ang mga daan, nagsilabasan ang mga alakdan at mga ahas,
Ang buhay nila ay bumalik sa normal, nakahinga ng maluwag ang mga flora at fauna,
umapaw ang ilog Champak!
Oras na para magdiwang, abot tanaw na ang pag-asa,
makakapagbayad na ng buwis sa mga naghahari-harian,
Masigabong palakpakan para sa mga diyos ng Ulan at sa diyosa ng kalupaan,
mag-awitan at magsayawan at bigyang buhay at palakasin ang lupang taniman

- 21 -

ANG KAPISTAHAN NG MGA BULAKLAK AT MGA ARMAS

Ang pinasiglang lupa ay umani ng sapat lamang upang makapagbayad ng kalahating
bahagi ng buwis para sa taong ‘yon lamang.
Nagpadala ng mensahe ang palasyo- sampung malalakas na tao sa kanilang nayon ay kailangang manilbihan
Mas bata, huwag ng patagalin pa, ngayon din ay kailangan ng hari ang saklolo,
wala ng dahi-dahilan pa o paliwanag
Si Peddapuli Raju ay isang opisyal na Nayak at pinuno ng nasasakupan ng tribo;
sa kanya ninyo sabihin ano man ang inyong mga reklamo!

Sa pagdiriwang ng kapistahan ng Dassara, lahat ng nasa kabayanan at lungsod ay nagsipagdiwang!
Mula sa banal na araw ng Bhadrapa-mahalaya-pitru Amavasya mula sa araw na walang buwan.
Siyam na araw at siyam na gabi-Navaratri- hanggang Saddula Batukamma o Durga Ashtami-
ay mga bulaklak na kay saya!
Magagandang bulaklak ng kapistahan na nagtakda ng pagtatapos ng tag-ulan
at pasimula naman ng Taglagas, ahoy!

Ang pinakamagandang buwan sa kalangitan ay niliwanagan ang buong gabi;
Ang ina ng kalikasan ay sinasamba na may mga bulaklak,
Ang gopuram-piramid na may pitong patong na purong kulay ng bulaklak
Iris ay nakapagpagulat sa mga mahihilig sa kalikasan!
Ang kapistahan ng mga kababaihan sa kapistahan ng mga kulay ay nagsimula
sa naggagandahang rangoli-muggu sa sahig!
*Limang tumpok ng dumi ng baka na naghugis tatsulok ay inilagay
sa mga guhit ng sigil ng puting harina!

**(Libo-libong taon na ang nakaraan, ang mga baka ay sinasamba ng mga Hindu.)*

Nag-ipon ng samot-saring mga bulaklak ang mga binatilyo at mga kalalakihan
May Marigold, Cucurbita, Cucumis, tridax, memecylon, senna, water lilies, tangedu, lotus;
Inayos mabuti ng mga taga-ayos at taga-pagdekorasyon sa Thambalam-malaking platong patungan;
Isang gabing malalim sila ay walang humpay sa pag-aawitan at pagsasayawan, bawat hakbang ay sabay sabay;

O Bathukama! O Inang Kalikasan! O Ikaw na Nagkaloob ng Buhay!
O Diyosang Gauri! O Dakilang Makapangyarihan
Tulad ng duyan-vuyyala- ang buhay ay paroot-parito, nababalot ng saya at hinagpis!
Tulad ng pagpapalit ng buwan, at ng pagtaas at pagbaba ng alon,
ang buhay ay lumiliwanag at lumilipas ng tuluyan!
O Gauramma, O Ina! Ikaw ang kalakasan, ikaw ang nagbibigay ng kulay, at walang hanggang mangingibig!

ANG KAPISTAHAN NG MGA BULAKLAK AT MGA ARMAS

Katulad ng pag-ugoy ng Vuyyyala, gaya ng buwan ng Chandamama ang buhay nating
mga babae ay may mga yugto bawat buwan at taon!
Tulad ng dagat, ng araw at gabi, malalayong bituin, gaya ng mga lakad ng araw, mga planeta at panahon!
Tayong mga nillalang na may buhay, ang pamumukadkad ng mga bulaklak
ang mga tao ay ipinanganganak, lumalaki at namamatay,
O Ina! Mahabag ka sa amin. nKapag iminulat mo ang iyong mga mata ay siyang
aming pagsilang, pag iyong isinara, kami ay mamamatay.
Kaya nga hindi mo inaalis ang iyong mga paningin sa amin at binabantayan
kami sa mga kasamaan ng mga nilikha.

O siyang nagkaloob ng buhay! Ikaw ang Bathukamma na may hugis sungay ng kambing,
isang cornucopia! Tinawag ka naming Naïvedyam
Sa unang araw O Engili pula Bathukamma! Hahandugan ka namin ng mga harina,
mga butil ng bigas at mga buto ng linga!
Ikalawang araw O Atukula Bathukamma! Nilagang mga lentehas, minatamis na bao,
at ng utukulu- iba't- ibang uri na mga bibingkang kakanin!
Sa ikatlong araw O Muddapappu Bathukamma! Hinandugan ka namin ng nilagang
mga buto ng patani, gatas at minatamis na malagkit!

Sa ika -apat na araw hinandugan ka ng kakaning Nana-biyyam; pang -limang araw ay mga puto
Nawa ay tanggapin mo Ina!
Sa ika-anim na araw iyong tinanggihan ang mga pagkain;
umasim ang mga bunga ng neem sa ika -pitong araw O Aligina Bathukamma!
Bibingkang harina na kasing laki ng prutas ng neem ay niluto para sa'yo O halina Vepakaal Bathukamma!
Ika-walong araw ang handog namin ay sari-saring masasarap na mga mantikilya ng ghee
at minatamis na bao para sayo Vennamuddala Bathukama!
Ika-siyam na araw, hinandugan ka namin ng mga kaning may gatas, maanghang na
sinangag na kanin, kaning may tanglad at luyang dilaw,
Ginataang malagkit, bibingkang binubudran ng mga linga at ibang-ibang klase ng mga
bibingkang kanin ng naïvedyam ang ang inihandog na may pagpupuri!
Nang ika-siyam na araw at gabi, binuhat at inilusong ka namin sa napakalinaw
na tubig ng mga lawa, O Gauramma!
At ang aming itinalagang muli ang aming mga buhay sa ilalim ng iyong pangangalaga,
ikaw na nagkakaloob ng Buhay, simbolo ng aming mga buhay, O Bathukamma!

ANG KAPISTAHAN NG MGA BULAKLAK AT MGA ARMAS

Hinandugan ka namin ng mais, bigas, sorgum, bajra, mga mongo, buto ng kasoy,
linga,gatas, minatamis na bao, patani, iba't-ibang uri ng mga buto ng Bengal, pula, berde,
itim upang proteksiyunan tayo sa ating mga gawain, o paghahanapbuhay!
O Ina! Ang aming mga anak na babae, buhat sa iyong hugis ang lakas ay natututunan
nila ang mga lihim ng pagdadalaga!

Sa templo ng Diyosang Bhadrakali ay sinamba nila ito sa bawat araw sa iba't-ibang kapamaraanan
Sa unang araw ay pinalamutian bilang Shaelaputri na may hugis saging, salapang, lotus at kalabaw na Nandi
Sa ikalawang araw ay bilang Brahmacharini naglalakad na walang sapin sa paa,
may dalang rosaryo at tubig sa pitsel,
Sa ikatlong araw ay bilang Chandraghanta na may guhit na kalahating buwan,
may mga armas pandigma at animo tigreng nakasakay;
Sa ika-apat na araw bilang Kushmanda na nakatira sa Araw, nakasakay sa babaeng leon,
diyosa ng kaguluhan at kapayapaan;
Sa ika-limang araw ay bilang Skandamata ang ina ng Skanda, nakasakay sa leon, nakaupo sa bulaklak ng lotus,
Sa ika- anim na araw ay bilang Katyayini na papatay sa isang Buffalong inalihan ng demonyo
at nakasakay sa isang galit na galit na leon upang ingatan ang mga diyos;
Sa ika-pitong araw ay bilang Kalaratri, upang patayin si Sumbha, ang kambal
na demonyong Nisumbha ay nakasakay sa asno!
Sa ika-walong araw ay bilang Maha gauri, pinakakaakit-akit na katauhan ng
damaru upang malupig ang pintig ng puso!
Ika-siyam na araw bilang Siddhidhatri, Adi Sakthi-pangunahing lakas, ang kakambal ng siva ito ay walang anyo!
O Ina ng buong sanglibutan! Kahabagan mo kami at alisin itong mga belo ng aparisyon; pagpalain mo po kami!

Umaalingawngaw ang Orugallu sa mga masiglang ritwal at pagbabadya ng digmaan!
May madalas na prosisyon ng pinunong Nayaks kasama ang kanilang mga hukbo at mga gamit pandigma!,
Sa araw ng Vijaya Dasami ay may pagsamba sa mga bago at lumang kagamitan pangdigmaan,
na nagmula sa baul sa palasyo,
Ang mga sundalong lumalaban sa lupa, mga nakasakay sa kabayo,
at mga panggiyerang elepante at mga mahuhusay na taga gawa ng armas!

Pumosisyon ang mga kawal habang nagpoprosisyon dala ang kanilang mga armas panggiyera,
sila ay mga espesyal na grupo ng mga kawal
Dala-dala ang iba't-ibang uri ng mga armas, ay nagsipagsayaw ng Perini-tandavam-'
ang sayaw ng mga mandirigma'-
Mga espada at tabak-mahahaba at maiigsi, mga kutsilyo, saber, palakol, masong pamukpok,

ANG KAPISTAHAN NG MGA BULAKLAK AT MGA ARMAS

Mga pamalo, sibat, kalasag, balaraw tulos, tirador, bakal na pamatok, karit, martilyo, palakol, lagari,
Mahahabang sibat at pana, palaso,
Mga pantugtog, mahuhusay na inukit mula sa pagawaan
Lahat ay inihandog kay Durga ang Diyosa ng Digmaan sa pagawaan ni Aswayuja maha
Sa mga samahan ng mga kultura, kagubatan at kaburulan, mga nayon at lunsod ang lahat
ay nakakadama ng pagkakaisa sa pagkakaiba-iba.

Sa ilalim ng pamumuno o bandila ng Tribo ng Peddapuli Raju nakilahok ang kumander,
Ipinarada niya ang mga luma at bago niyang nahikayat na mga mandirigma;
ipinakita ang kanilang kahusayan mula sa mga mararangal at mga pinuno!
Kapag binulag ng kasakiman at matayog na pangarap ang isang mahusay at may kasanayan
ay kanyang nalilimutan ang kanyang pinagmulan at kanyang dating abang kalagayan!
Nalimot ng anak ng kagubatan ang mga bituin, ang buwan at ang araw!
Dahil sa matitingkad na mga ilaw sa lungsod.
Nakasakay siya sa malaking kabayo sa kanyang pagkakapuwesto sa maringal na posisyon sa lungsod.

- 22 -

ANG PAGMARTSA NG LUNGSOD SA KAGUBATAN



Dumarating na mga kabayong sinuutan ng mga bakal sa paa dala-dala ay masamang balita
Daang libong mga mamamana at mga kawal, libo-libong mga kabayo,
elepante at mga karwaheng sssakyan
Napapaligiran ng makapal pader at balot ng putik ang malalim na lawa,
malahiganteng pader at matibay at malapad na tulay
Di-mabilang na mga pinuno, kumander ng Nayaks at toneladang ginto
at diyamante ang pag-aari nila na siyang nagpadakila sa kanilang dinastiya

Gusto ko pa, dagdagan pa, wika ng mapanakot; gusto ko pa,
dagdagan pa ng mas marami pa wika ng ganid; sige pa saan ito ilalagay?
Isang dakilang bansa na maraming dibisyon kung saan ang mga maharlika
ay ituturing na mga karaniwang tao at mga kalalakihan at kababaihan ay pag-aari nila
Libong ritwal and daan-daang moralida ang nakaukit sa mga dahon ng palma
at nakaukit sa mga malalapad na bato,
Mapagkakaisa ba nila ang bansang may libo-libong kaharian kung saan ang
mga hari ay nagpipiyesta lamang at lango?

Nakapanliligalig at nababalot ng makapal na kaaway ang mga hangganan,
mga sinanay na mga kawal at sundalo ng Kakatiya ay nagwagi na sa maraming mga labanan;
Inubos nila ang mga mga kawal ng mga kalaban kahit nalagasan din sila
ng libong mga mandirigma na nasa unang hanay
Maraming nalagas sa kampo ni Peddapuli Raju, gayunpaman ang kanyang pagwawagi
sa labanan ay nagbigay sa kanya ng maraming karangalan at pag-aari
Kinailangan niya ngayon manghikayat pa ng mga bagong kawal mula sa kanyang nasasakupan!

Grabe ang nalagas sa mga sa tribo sa mga nayon; bawat kanayunan ay
may namatay na apat hanggang limang mga bata,
Hindi ang pagkamatay, kundi ang wala sa panahong pagkamatay nila ang
nagdulot ng labis na hinagpis at alalahanin!
Sila ay nagrebelde ng magsimulang iutos ng punong kawal na kumuha ng
mga gagawing kawal at mga kagamitan nila!
Ngayon lahat sila ay tumangging sumunod sa kanyang utos, lumaganap ang tensiyon sa kanayunan!

Kinausap ng pinagkakatiwalaang punong kawal ang ministro sa palasyo at ipaliwanag ang nagaganap
Habang maliit pa ang kanilang problema ay gawan na ng paraan at huwag ng
lumaki pa ito na hindi na nila kayang pasunurin pa ang mga tao,
Hiniling niya na payagan sya ng hari na tapusin na ang pakikipagnegosasyon

ANG PAGMARTSA NG LUNGSOD SA KAGUBATAN



at ang mga utang nila sa buwis ay dapat ng singilin
Sa kanyang matatamis na pananalita, pambobola at sa kanyang pagwawagi sa labanan,
tinangap ng hari at ng ministro ang kanyang proposisyon.

Ang punong kawal kasama ang mnistro ay dumalo sa isang malaking pagpupulong ng mga tribo!
Nagpaliwanag ang mga matatanda na kaya hindi sila makapagbayad ng buwis ay
dahil sa matinding nararanasang tagtuyot;
Hiniling nila na huwag silang piliting magtrabaho sa palasyo dahil sa napakaraming nalagas na mga bata,
Biglang iniwan ng ministro ang pagdedesisyon sa mga kamay ng kanilang angkan;
kagyat umalis at may biglaang misyon.

Pagkakataon na ni Peddapuli Raju na patunayan ang kanyang husay sa pamumuno,
nagpasa siya ng isang resolusyon!
Sa susunod na buwan kapagka hindi pa rin sila sumunod, ang mga kawal ay
magmamartsa sa kagubatan upang maghanap ng solusyon!-
Tahimik na pinagmamasdan ni Pagiddda Raju ang kanilang mga plano subalit hindi siya
nagpapahalata upang maiwasan ang konprontasyon!
Tinig ng leon sa kaharian ay umalingawngaw;
at narinig nila ang nakabibinging atungal ng mga tigre sa kagubatan!
Ang lahat ng mga nangagkatipon ay naghiyawan, animo'y mga nangagngangalit na
tigre lahat halos ng mga taga-nayon!
Natanaw ng mga matatandang lalaki ang paparating na buong lungsod
at inookupa na ang buong kagubatan

- 23 -

ANG DIGMAAN NG MGA ELEPANTE AT MGA LANGGAM

-’Pag-aatubili! Hindi! Hayaan ang langgam na matuto ng leksiyon! Kaya ba ng uod tularan ang isang ahas?
Habang ang mga elepante ay nagpaparada ang mga langgam ay namamangha;
namamatay sila sa pagkakatapak sa kanila!
Ang bahay ng langgam at mga dahong silungan,
maihahalintulad ba sila sa mga moog at palasyo ng mga matatalinong tao?
Simpleng aral sa buhay ay matutunan sa mahal na kaparaanan; eto ba ang kapalit ng kalayaan?

Nagtatawang iniwan sila ni Peddapuli Raju at kanyang nilisan ang pagtitipon ng may pagbabanta!
Kasunod ang kanyang mga kawal na mga armas ay laging makikintab at matatalas
Malungkot na napagbuntunghininga ang mga matatanda; Ikaw Pagididda Raju ang siyang mamumuno sa labanan!

Ihanda ating mga sarili na harapin ang kahirapan, gutom na dulot ng tagtuyot;
nakakapaso, nasaid ang ating mga kabuhayan
Iingatan tayo ng ating inang kagubatan; Tularan natin ang mga malatigreng pulang-langgam,
Kagatin natin sila oras na agawin nila satin ng ating mga pinagkukunan!
Hayaan nating ang bawat mga puno ay maging ating moog, mga bata at mga babae
mag-ala pulang langgam at lumaban para sa ating mga ari-arian at kalupaan!
Sinimulan nila ang paghahanda sa pagtatayo ng mga pugad sa bawat punong-kahoy,
sa itaas ng mga puno nila palilibutan at papatayin ang mga kalaban!

Gumawa sila ng napakaraming mga kawayang sibat at ginawang bakal ang mga dulo ng pana,
Mga kahoy ng teak na panangga,
Mga espada, sibat, mahabang mga tulos, tirador at mga bato,
humukay sila ng malalim na mga butas sa mga bukirin
Lahat ng kanilang natutunan mula sa pagkabata kung paano mabuhay ay
ginamit nila ngayon upang umani ng marami
Nagtalaga sila ng mga mensahero at tagapaghatid ng balita upang mapabilis at epektibo,
lahat ng paraan ay kanilang inihanda!
Ngayon, oras na upang makiusap, tumawag at manalangin sa mga Diyos;
sa banal na dambana kanilang inihandog mga hayop at sari-saring mga ibon!

May dalawampung libong malakas na sandatahang hukbo,
idagdag pa ang mga hukbong mangangabayo at ilang mga higanteng elepanteng pangdigma,
Sa pangunguna at pagmamasid ng pinunong ministrong si Peddapuli Raju, ang beteranong kumander,
Naghintay sila ng itinakdang oras at nagsimula silang magmartsa patungo sa kagubatan,
upang ipakita ang hindi nila pagsang-ayon,
Ang pinunong ministro at ang kumander ay may mga sariling plano at ambisyon,

ANG DIGMAAN NG MGA ELEPANTE AT MGA LANGGAM



yan ay ang mabigyan ng sorpresang regalo ang hari;
Kampante ang mga sinanay nilang mga hukbong mandirgma, ano ang magagawa ng
mga sibat at pana laban sa kanilang matatalim na karit at mga sandata?

Tulad rin ng mga hukbong kawal, nagkampo sila sa mga liwasan, isinugo ang kanilang mga espiya,
Nang oras na upang sila ay sumugod, ang liwasan ay nangamoy ng dumi ng tao at iniwan nila'y mga bakas
Nilinis ng nangungunang mga kawal ang kanilang daraanan kasunod ang kanilang mga taga-suporta.

Upang masegurong sila ay hindi matambangan o mahuhulog sa mga butas,
Alam na alam ng kanilang pinuno ang buong kagubatan; dating mangangaso,
ayaw maisahan kaya't kanyang tinatabunan ang kanyang mga bakas!

Lumakas ang kanilang loob, habang pomoposisyon sila sa lagusan ng labanan,
Ang maluwang na lugar ay punong -puno ng mga tolda; napalilibutan ng maningas na mga apoy,
Nangingintab sa kanilang mga sandata, tulad ng mga bituing lumiliwanag sa kalangitan
Habang ang buong kapaligiran ay tila biglang tumahimik, tila huminto pati na ang mga ihip
ng hangin at biglang may narinig na mahinang senyas;
Ilan sa mga desperadong kalaban na lumusong ang sinugod ang kadiliman,
naghihintay ng mga pahiwatig at senyales upang salakayin ang nayon,
Tinangka nilang pasukin ang mga kubo, tila mga baliw na sinalakay at pinagsisibat ang mga bantay ng nayon!
Kahit sugatan, sinikap ng mga bantay na labanan sla, at nagising na ang buong kagubatan!
Ang kapaligirang nababalot ng katahimikan ay biglang napunit ng liwanag sa
napakaraming tao na may dalang sulo!

Ang mga kutang yari sa kahoy na itinayo sa paligid ng mga kampo ng mga hukbong
kawal ay biglang nangabuwal sa biglang pag-atake,
Nasunog ang ilang mga tolda, ang saglit na kaguluhan ay nagbigay ng bagong plano!
"Lintek lang ang walang ganti" sigaw ng kumander,-ngayong gabi sinunog nila ang inyong mga tolda
Bukas bago sumikat ang araw, susunugin natin ang kanilang mga kagubatan,
Maglalabasan ang mga langgam at mga daga sa kanilang mga pinagtataguan!

Inilabas niya ang mapa ng buong kagubatan kung saan makikita ang mga ilog at mga kanayunan;
sarhan ninyo ang mga daaanan at mga dinadaluyan ng tubig patungo sa bukirin;
-'Palibutan ninyo ang buong kanayunan at silaban ito ng mga sulo;
ang lahat ng mga susuko ay gamiting panangga;
Ang limang libong kawal ay magbantay sa kampo;
mauna na ang mga grupo na tig-iisang daang miyembro sa pangunguna na bawat lider niyo!
Darating ang mga magpapalakas ng pwersa ninyo,
kailangan matapos ang trabahong ito sa loob ng isang linggo!'-

- 23 -

ANG DIGMAAN NG MGA ELEPANTE AT MGA LANGGAM

Hanggang mag-umaga ang mga anak ng kagubatan ay umaatake sa kampo ng kalaban;
Ng makita nila na ang kanilang nayon ay nasusunog na,
inatake nila ang mga hukbo sa kanilang pinagkakampuhan,
May mangil-angilang nalagas na kasama ang parehong kampo
at nagdulot ito ng matinding galit sa kanila, ng maghahapon na ay marami ng namatay sa kanila!
Nagkaharap ang magkatunggali malapit sa sapa ng Champak, umulan ng sibat sa magkabilang panig!

Umaagos ang mga dugo, nangagpangisay,
nagkalat ang mga hiwa-hiwalay na mga parte ng katawan, nagsusumigaw ang mga nasugatan,
Kumikinang na sungay ng mga kalabaw, mga pinatulis na mga sibat,
nagkalat na mga pugot na ulo ng mga namatay,
Ang mainit-init pang mga dugong dumadaloy mula sa mga katawan ng mga nagapi sa labanan,
Nagkalat na mga bangkay, kalunos-lunos ang sinapit nila, ang paligid ay natigib ng kalungkutan,
ng pait, sakit at matinding galit,
Nakakawala ng ulirat ang pag-iimbot ng laman at mga ugat, buhay o patay magbubuhat ang pagkawasak!

Nakipaglaban sina Sarakka at Govinda Raju na kanyang asawa na animo'y mga makabagong mga mandirigma;
Inspirasyon ni Sarakka ang kanyang inang si Sammakka, di-alintana ang mga hukbong mandirigma
Sila ng kanyang asawa ay nilupig ang depensa ng kaaway sa isang sulok ng kampo ng kalaban,
Binugbog nila ang mga bantay ng ministro, at itinapon na lamang nila

Pinagtagumpayan ni Peddapuli Raju ang araw na ito;
sinugod niya ang mga mandirigma, nataga niya ang isa sa kanila,
Sinibat niya ang isa sa likuran; tumagos ang dulo ng sibat sa loob ng katawan at lumabas sa may pusod!
Pinalipad ni Govinda Rajulu ang isang sibat nabakal ang dulo, tumama ito sa balikat ng kumander,
Masuwerte pa rin ang tigre, nagalusan lamang ang kanyang braso at tumama sya sa isang malaking kahoy,
Nagdatingan ang mas maraming hukbo, nakaligtas ang ministro at galit na galit ang matandang tigre.

Kunwari ay nagsimula ng umatras si Govinda Rajulu, sinenyasan niya si Sarakka na magtago sa likod
Nilusob ni Peddapuli Raju ang mga hukbo ng tribo na ikinukubli ang kanilang mga lider,
Hinati niya ang katawan ng isang katunggali gamit ang kanyang mabigat na espada,
Inundayan pa niya ang isa at tinaga ang papalapit pang isa
Hinabol ng kanyang mga bantay ang tumatakas na mag-asawa, at lalong umigting ang labanan,
Mabibilis ang pagtudla ni Sarakka sa mga kalaban animo ay makina sa bilis,
pinagpapatay at pawang nasugatan ang mga humahabol sa kanila,
Paikot na sinibat n Govinda Rajulu at itinarak niya ito sa likod ng isa
Ang kawawang biktima ay napasigaw bago tuluyang nagdilim ang lahat sa kanyang paningin,

- 23 -

ANG DIGMAAN NG MGA ELEPANTE AT MGA LANGGAM



Kipkip nito ang kanyang tiyan, napaluhod at bumagsak;
Tinamaan pa ng palaso ni Sarakka ang isa pang tumutugis sa kanya
Tumama ito sa kanyang atay at bumagsak siya sa lupa bago nawalan ng buhay
Nakita ni Peddapuli Raju ang kapalaran ng kanyang mga hukbong mandirigma,
inalerto niya ang grupo ng mga mamamana
Tumama ang mga pana sa likod ng mag-asawa
Umaagos ang kanilang dugo mula sa sugat ng likha ng pana, nawala sila gubat
Tangan nila ang mga kamay ng bawat isa na hindi tinamaan ng mga pana!

Sa isang sulok kumikilos si Nagulamma animo'y isang ahas,
Pinalibutan sya ng daan-daang mga hukbo, subalit sinalakay niya ang mga ito dala'y kamatayan
Iniumang niya ang kanyang mga sibat at nakapatay siya ng isang dosenang kaaway,
subalit nahigitan nila ang bilis niya
SInibat siya, pinana at sinaksak ng walang humpay ng kanyang mga katunggali!
Pinagmasdan ng ministro ang kaganapan, hindi ito basta laban lamang,
Hindi ito basta lamang pag-aalsa; digmaan ito para sa kalayaan at pagsasarili;
Nagbuwis ng buhay ang mga bata at mga babae sapagkat meron silang ipinaglalaban;
Hindi sila upahang mga hukbo; kanino ang mga lupang ito?

Mula sa di-kalayuan tanaw ni Pagididda Raju ang pagkamatay ng kanyang mga anak;
Hind niya magawang manangis habang siya ay nasa gitna ng labanan,
Batid niya ang lakas ng kaharian; hindi magtatagal ang digmaang ito!
Ngunit ang pumatay sa kanyang mga magulang ay naroon sa loob ng palasyo,
Oras na para pagbayaran niya ang kanyang ginawa; dugo sa dugo! Isa laban sa isa!
Nilupig at pinagpapatay niya ang mga hukbo na nakikipaglaban sa hukbo ng tribo,
Kasama ang kanyang mga hukbo ng tribo patalon niyang sinalakay ang hukbong sandatahan ni Peddapuli Raju!

Kitang-kita ni Jampanna ang pagdaluhong ng kanyang ama sa pangil ng kamatayan,
Sinubukan niyang saklolohan ito subalit hinarang siya ng mga kalabang lider,
Gigil na gigil ang mga kalabang hukbo sa pakikipaglaban sa mandirigmang ito!
Akala nila ay nakubkob na nila ito sa pampang ng Ilog Champak!
Sinalakay ni Jampanna ang kawal na nasa di kalayuan sa kanya,
Isinaksak niya ang matalas niyang sibat sa leeg nito,
Singbilis ng kidlat na binunot ito at nagngangalit ang kanyang mga ngipin
itinarak na muli sa isa pang paparating na kawal,
Mariin, tinuhog niya ang kalaban sa gitna ng pagkagulat ng mga kasama nito
Kinaladkad niya ito at itbinalandra sa puno ng teak;

- 23 -

ANG DIGMAAN NG MGA ELEPANTE AT MGA LANGGAM

Pinagtulung-tulungan siya ng mga kawal na nakasakay sa karwahe at mga namamana
Pinaulanan nila siya ng mga gamit pangdigma,
Sugatan ang kanyang buong katawan, naliligo siya sa sariling dugo,
Sa pampang ng ilog Champak doon siya tuluyang nalugmok; lumubog sa malinaw na tubig;
Nanggilalas ang mga kawal; kitang -kita nila na ang buong ilog ay nagkulay dugo;

Ng tuluyang makapasok si Pagididda Raju sa kampamento ng kalaban
Ay dinoble ng tigre ng kaharian ang proteksiyon sa palibot ng mga tolda;
Upang maseguro ang kaligtasan ng ministro at ng kanyang sarili mismo!
Nakapalibot dito ang mga grupo ng mga namamana at mga may sibat sakay ng mga kabayo
At ilang mga elepanteng pang-digma ang nakahandang apakan ang sino mang manghihimasok!
Sa malakas na sigaw ng tigre ang mga hukbo ng kagubatan ay dumaluhong sa depensa ng kalaban
Pinakawalan nila ang mga dala nilang mga daga, mga ulupong, at mga higanteng mapupulang langgam
Tumakbo sa harapan ng mga elepante ang mga daga, nagdilim ang kalangitan
Nahintakutan sila at patakbong nilusob at winasak ang mga depensa ng kalaban,
Gumapang ang mga ahas sa mga binti ng mga kabayong pandigma at ang kabalyerya ay nag-alala!
Gumapang ang mga mapupulang mga langgam at pinagkakagat ang mga namamana!
Wala silang magawa kundi itapon ang kanilang mga sibat at pana upang magkamot at magpapadyak!

Nagharap na sa mga sandaling ito sina Pagididda Raju at Peddapuli Raju!
Hindi nagpahalata ang tigre ng kaharian na siya ay nabigla sa biglang paghaharap nila,
Nasangga ng kalasag ni Pagididda Raju ang unang igkas ng espada at hinamon niya ito,
Nagsimula ang paghahabulan nila, hinahabol ang bawat isa, walang tigil ang dalawang mababangis na tigre,
Sino ang humahabol at sino ang hinahabol? Sino ang lumalaban at sino ang kinakalaban?
-' Walang pagmamahal na namamagitan sa ating dalawa maliban sa pagmamamahal
na bawian ng buhay! Hindi ako susuko! Hindi ako makukulong!
Pinatay mo ang aking mga magulang; pinakulong mo ako habang kampante ka sa iyong kinalalagyan!
Sinisikil mo ang aming kalayaan; inaangkin mo ang aming kagubatan;
Hindi ko hahayaang mangyari yan habang ako ay nabubuhay;
Hindi ko pahihintulutang puksain mo at wasakin ang aming mga pinagpupugaran!'-
Hinugot niya ang buong lakas niya at kasing tatag ng agila,
Tiim bagang iniunday niya ang kanyang espada,
Habang ang kanyang dibdib ay may proteksiyon na kahoy na kalasag;

Natunghayan ng ministro ang nagaganap at hinudyatan niya ang mamamana nila;
Mahusay na nadepensahan ni Peddapuli Raju ang kanyang sarili
Nag-iwan ng marka sa dibdib ni Pagididda Raju ang mabigat niyang espada

ANG DIGMAAN NG MGA ELEPANTE AT MGA LANGGAM



Nalagot ang sandata, napunit ang tinirintas na kasuutan niya sa bandang dibdib,
Makakatakas ang tigre ng kaharian!
At ang mahabang sibat ng kalabang kawal ay tumagos sa hubad na lalamunan ng tigre ng kagubatan;
Tumama naman ang isang sibat sa dibdib ng dakilang mandirgma!
Paupong bumagsak sa lupa ang mandirigma, umismid sa kumander!
Wala kang moralidad! Nagtatagumpay ka dahil sa iyong pandaraya! Ito ba ang tinuturo ng iyong sibilisasyon?
Unti-unting nawawala ang liwanag sa kanyang mga mata;
nakita niya ang kanyang mga magulang sa ibabaw ng balon na yaon!
Inaabot ang kanyang mga kamay! Naalala niya ang kanyang mga anak, ang kanyang asawa at mga kasamahan;
Sinambit ng kanyang mga labi “Sammakka! Mahal ko! at nalagutan siya ng hininga,
At sinapit niya ang kanyang malagim na kamatayan;
ang kanyang kaluluwa ay tumungo sa bahay ng kamatayan;
Hindi kinaya na makita ang pagkamatay ng matapang na madirigma, lumubog ang araw sa kanluran;
Nabalot ng dilim ang buong kapaligiran.

- 24 -

ANG DAKILANG KAHON NG VERMILION

Katapusan na ng lahat! Hinding-hindi! Kung inaakala nila na katapusan na, simula lamang ito!
Parehong may dahilan ang labanang ito; ang nagkalat na mga bangkay ay may ibig sabihin
Maaring dahil wala talagang permanente sa buhay, o dili kaya ay dahil sa
ang mga nasusunog na kahoy ay nagiging abo!
May panahong ang pagtangis ang mamumuno sa isang bansa,
pagkatapos ay ang magtatagumpay naman ang paghihiganti at galit!

Kanyang inalo ang kanyang sarili at ang mga nagluluksa, dumalangin siya
sa mga diyos-diyosan na payagan siyang magpatuloy;
Pinakamahalagang unahin niya ang pagbibigay ng maayos na paglilibing sa mga namatay na mandirigma;
Tinawag ni Sammakka lahat ng nakatatanda at mga pinuno na nakaligtas
noong araw na yaon sa pagmasaker sa kanila;
Inako niya lahat ng responsibilidad sa kanyang balikat;
tatapusin niya ang labang ito, agad-agad, walang makakapigil sa kanya.

Nakita nila ang matandang babae sa bulundukin ng loro at ang lalaking mahika na papalapit sa kanila,
Benendisyunan nila si Sammakka at nagboluntaryo na tumungo sa kampo ng mga hukbo upang makipag-kasundo,
Ng sumapit ang dilim dinala sila ng mga bantay kay Peddapuli Raju; kasama nito ang ministro
Natahi na ang kanyang mga tinamong sugat at nagpapagaling na subalit siya ay nagdaranas ng matinding kirot,
Nang makita niya na ang dumating ay matandang babae,
siya ay napaiyak!- “O aking ina! Ano at naparito kayo ngayon?
‘-Oo anak ko, nandirito ako ngayon! Subalit huli na ang lahat!
Ang ginawa mo ay isang napakalaking pagkakamali! O aking anak!-
Kinausap niya ang ministro,-’ pakiusap hayaan ninyong dalhin namin ang mga bangkay ng aming mga anak’
Pagkatapos ng huling lamay, maari ng magpatuloy ang inyong digmaan gaya ng dati;
Pansamantala munang itigil ninyo hanggang sa kalahating araw!
Maraming salamat sa inyong pagtanggap! Nahuhulaan ko na;
ngunit hindi ko na kayang ibalik pa ang nakaraan, mahal kong anak!
Kapag nakita mo si Sammakka mauunawaan mo bakit ako nandirito ngayon!’-

Nang makaalis na ang mensahero, namayani ang katahimikan; naipagkaloob na ang permiso;
Sa mga bagon isinakay ang mga katawan ng mga napatay, ginawaran ng huling ritwal, at pagkatapos,
Napuno at napalibutan ang luntiang kagubatan ng makakapal na apoy
at usok mula sa sinusunog na mga bangkay,
Sa dami ng dugo natigmak mula sa mga katawan ng mga mandirigma ang lupa ay naghitsurang pulang-pula
Sa iyakan at panangis ng mga nasugatan ay nabulabog ang mga
ibon at nagsiliparan ang mga ito sa labis na pagkatakot!



At pagkatapos ay nagsimula uli ang labanan mula sa libo-libong
batang mandirigma na umatake sa kampamento,
Bata, matanda, mga lalakit at babae, lahat ng mga manggagamot na albularyo at mahikero
Nagmula sa mga malalayong mga pook, kanayunan, mga tribo, sila ay tumawid mula sa ilog ng Godavari,
tinawid ang mga bulubundukin animoy mga lagaslas ng tubig talon!
Kahapon sila ay grupo-grupo, ngayon ay laksa-laksa, animo'y alon sa dagat na pumapaimbulog
Nagdulot sila ng unti-unting sakit at pahirap; na nagpaatras sa mga hukbo sa kanilang kampamento
Nagpadala sila ng mga mga daga, makamandag na mga ahas, at mapupulang langgam;
Nanghilakbot ang mga hukbong kawal at hindi sila mapagkatulog
Alam nilang si Sammakka na ang nangunguna at siya ay isang pinagpalang anak,
Sa loob ng pitong-araw ay paulit-ulit na ginagawa ni Sammakka ang iba't-Ibang kapamaraan upang guluhin sila

Pinuksa niya ang ang mga hukbong kawal na nanunog ng kanilang mga kanayunan;
Nakabalik na ang mga mensahero mula sa Orugallo;
panibagong batalyon ang nagsimula sa may moog hanggang sa kagubatan;
Nasabat sila ng mga mandirigma ni Sammakka, O mawawalan yata ng kabuluhan!
Samantala dumarating si Sammakka kasama ang kanyang mga hukbong
mandirigma animoy tulad ng Diyosa na nakasakay sa isang babaeng tigre,
Hinugot niya ang kanyang pana at walang tigil na nagpaulan ng mga palaso,
Winasak niya ang harang ng mga kampamento at libo-libong mga mandirigma
ay nilupig niya ang mga kalaban, matinding digmaan ang naganap!
Iniisa-isa niya ang kalaban, subalit alam niya na ang kanilang mga armas at kagamitan ay pawang malalakas,
Dalawang kamay niya ang may hawak na espada at mahusay na dumedepensa,
May tangan siyang sibat at kasingbilis ng kidlat niyang ginilitan ang leeg ng mga bantay,
Nakita nila ang kahusayan niya sa paggamit ng sibat sa isang kislap mata ay tumatama sa iba't ibang direksiyon
Napaaamo niya ang mga elepante at mga kabayong pangiyera
Sinaklot sila ng takot, agam-agam at pangamba, wala ni isang kawal ang nagtangkang harangin sya!
Nagdudumali sya tulad ng isang "thunder bolt" at pinasok niya ang tolda ng ministro
Sa gitna ng nakapaligid na mga bantay ay takot na takot sya
Tinitigan niya ito at sinabi, napagmasdan ko ang iyong kahusayan,
ang iyong kagandahan at ang iyong temperamento!
Hindi ka nararapat sa kagubatang ito, tanggapin mo ang aking alok;
Inaalok kita ng pwesto sa loob ng kaharian;
Inaalok ko sa'yo ang trono, bilang reyna ng kaharian!
Ako ang tagapayo at tagapagturo ng Hari
Nasa panganib ang buhay mo
Dumating na ang aming depensa
Nalupig na nila ang iyong hukbong mandrigma;
Binibigyan ka namin ng isang buong araw upang mag-isip

Tapat at totoo ang aking iniaalok sa iyo!
Itigil na natin ang pagdanak pa ng dugo;
Hanggang bukas ng tanghaling tapat!

Tinitigan niya ito ng buong suklam!
Kailan namin kayo sinalakay?
Inangkin ba namin ang inyong kaharian?
Kami ba ay mang-aangkin?
Inalisan niyo kami ng kalayaan
Pinatay niyo ang aking mga tao
Pinatay niyo ang aking mga anak
Pinatay niyo ang aking asawa
At ngayon
Inaalok mo ako ng asawa
Inaalok mo ako maging kalaguyo
Inaalok mo sa akin ang pagiging isa sa mga reyna
O, mahusay! Magaling Napakaganda ng iyong alok!

Nilisan niya ang lugar
Sabay ismid!
Tinalikuran niya ito!
Sa liwasan ay nagkakagulo;
Dahil sa pagdating ng bagong dibisyon,
Masayang -masaya ang mga kawal!
Pumasok si Peddapuli Raju
sa loob ng kampamento ng ministro,
Kasabay ang pinuno ng hukbo
At doon nakita niya si Sammakka na papaalis
Habang siya ay papaalis ay napansin siya ni Sammakka
Poot ang nadama niya sa pagkakita niya sa kanya
Oo, nakita niya sya
Lumisan siyang galit na galit,
At nakita niya si Sammakka
Umikot ang kanyang paningin,

Napaupo siya sa kanyang upuan
Nakatitig sa kagubatan
Inaalala niya at tinatanaw ang nakaraan
Nanumbalik sa alaala niya ang lumipas na apatnapung taon
Hinimatay siya
Isang batang-batang kawal
Walang ingat
Anak ng kagubatan
Mataas ang pangarap
Pinakamagandang babae
Apo ni Peda Ramappa
Dakilang manlililok
Sabi nila natagpuan nila ang isang
sangggol sa hagdanan ng mga templo
Sabi nila may dugo s'yang bughaw
At sabi nila namatay ang nanay niya pagkapanganak sa kanya
Siya na pinakamagandang dalaga
Apo ni Peda Ramappa
Kamukha ni Madanica-isang napakagandang nimpa
Umusbong ang pagmamahalan sa
pagitan ng isang sundalo at nimpa
Isang sundalo,
Nasa kabataang edad at walang ingat
Anak ng kagubatan
Nang siya ay magdalang tao
Sila ay nagtanan.
Nagsama sila ng dalaga at siya ay kanyang minahal
Pagkalipas ng ilang buwang pag-ibig
Kinailangan niyang iwanan ang nagdadalantao niyang asawa
Tumungo siya sa ekspedisyon ng mga sundalo
Sa kanyang pagbabalik, sampung buwan na ang lumipas;
Napag-alaman niya na umalis na
Ang magbiyenan kasama ang manugang
Saan sila nagtungo?
Isang kabataang sundalo
Walang-ingat
SInanay sa digmaan
Pinangarap na maging pinuno
Ng kagubatan
Sa kanyang pagsisikap na matupad ang kanyang ambisyon
Nadiskubre niyang may isang tinik sa kabilang ilog
Isang malaking hadlang para sa kanyang mga plano
Isang mandirigmang may mataas na reputasyon
Kailangan niyang matanggal ang mag-asawa
At yon nga ay nangyari.
Apatnapung taon
Kay tagal ng panahon,
Ngayon,
Sa labanang ito
Nakita niya ang batang lalaki,
tunay na tigre ng kagubatan
Ang lakas ng kanyang sariling sandata
Sumugat at lumikha ng malaking
sugat sa kanyang dibdib
Napakakirot
Napakasakit!
Nang manumbalik ang kanyang malay
Nag-aapoy ang kanyang pakiramdam
Nanginginig ang kanyang buong katawan!
Sa labas ay narinig niya ang malakas na kaguluhan
Ang mga kawal ay sumisigaw ng sigaw pandigma
Paparating na si Sammakka
Sakay ng tigre
Ang pagbabalik ng tigre
Paparating ang kanyang anak
ANAK?
Yan ang sabi ng kanyang ina sa kanya
-'Sa oras na makita mo si Sammakka, mauunawaan
mo kung bakit ako nagpakita sa iyo ngayon'-
O anak ko! Patawarin mo ako!
Natigmak ang kanyang mata ng luha tulad
ng magulong karagatan!

Sinikap niyang tumayo,
Gusto niyang sabihin-
Aking anak! Ako ang may kasalanan ng
lahat ng kaguluhang ito!
Ang mga kamay ko ang nagkasala!
Nanginginig siyang tumindig,
Tinulungan siya ng kanyang alalay,
Ngayon
Ililigtas ko ang aking anak!
Sa labas ng kampamento
Animo'y kidlat na dumating si Sammakka
Dumarating si Sammakka, sakay ng tigre
Dala ay malaking pana, panudla,
isang matalas na espada
Mahabang sibat,
Dumarating na si Sammakka,

Tulad ng isang Diyosa,
nakasakay siya sa isang malaking tigre,
Dumarating na si Sammakka
Sakay ng isang tigre
Napapalibutan pa siya ng ilan pang mga tigre,
Nakasunod sa kanya ang matandang albularyo
at ang mga mahikero,
Nakasunod sa kanya ang lahat ng uri at edad ng
mandirigma,
Nakasunod sa kanya ang lahat ng mga tao sa
iba't-ibang tribo at kanayunan,

Nauuna sa kanya ang mga manunugtog ng tambol,
mga umiihip ng torotot, mga mananayaw,
Nasa unahan niya ang mga babaeng magulo ang
mga buhok, mga nasaniban at sumasayaw
Nauuna sa kanya ang mga mananayaw
na may suot na sungay ng mga kalabaw
Napapalibutan siya ng mga naghahagis ng mga apoy
Napapalibutan siya ng mga lalaking may mga tabak,
mga maninirador
Napapalibutan sya ng mga mandirigma na
may mga palakol at mga karit,

Sa gitna ng masangsang na usok ng mira at amber
Sa kalagitnaan ng mga nakapalibot na
mamamana at mga maninibat
Dumarating si Sammakka
Nakasakay sa likod ng tigre, tulad ng isang Diyosa,

Dumarating si Sammaka,
Nakasakay sa isang tigre Sammakka!

Nasaksihan ng mga ibon at mga hayop
Nasaksihan ng mga puno at mga bulaklak
Nasaksihan ng mga dumanak na mga
Pulang Dugo sa Ilog Champak,
Nasaksihan ng kalangitan, ng mga hangin,
kalupaan at mga tubig
Paparating na si Sammakka,
Sakay ng tigre tulad ng isang Diyosa,
Paparating na si Sammakka
Si Sammaka ay paparating sakay ng tigre.

Nasaksihan ng matalinong ministro
Nakita siya ng kumander
Nakita siya ng mga mamamana at mga mangangabayo
Nakita siya ng mga “mahouts” na nakasakay sa mga elepante
Dumarating si Sammakka
Nakasakay sa tigre tulad ng isang Diyosa,
Dumarating si Sammakka
Si Sammakka ay nakasakay sa isang tigre,
Nakasuot ng puting sare
Nakaputong sa kanyang ulo ang
mga pulang bulaklak ng Kimsuka

Nakasuot siya ng mga pulang pulseras,
mga kuwintas sa paa at mga pulseras
Dumarating na si Sammakka
Dumarating si Sammakka, nakasakay sa isang tigre
May higanteng pana, panudla, malaking tabak
at mahabang sibat,
Dumarating na si Sammakka
Sa kanyang noo ay may bilog na vermillion
Sakay ng tigre, animoy Diyosa
Dumarating na si Sammakka
Nakasakay si Sammaka sa isang tigre
Napapalibutan pa ng mas maraming mga tigre

Nakita siya ng mga manunudla at mga mangangabayo
Nakita siya ng mga may tabak at may mga sibat
Nakita sya ng may nagturo ng mga elepante
At nakita sya ng kanyang ama
Nakita siya ng kumander
Nakita siya ng matalinong ministro

Nakasuot ba siya ng kanyang damit pangkasal?
Ito ba ang kanilang kaugalian?
Handa ba siyang makipagkasundo?

Nang biglang huminto ang prosisyon
Nakadama ng panganib ang matalinong ministro
Nagbigay sya ng hudyat, bumuo ng pahugis
pagong ang mga hukbong kawal
Binakuran sila ng kanilang mga baluti
Nakaumang ang mahabang sibat sa mga kalaban,
Bumaba siya sa tigre,
Hinugot ang kanyang malaking pana
Tumudla siya ng may apoy
Sunod -sunod na nagpakawala ng mga tudlang may apoy
Tinudla niya isa-isa ang mga kawal
Ng pana na may pulbos ng pulang sili
Marami ang tinamaan ng kanyang panudla,
Dinala ng hangin ang mga pulbos ng sili
patungo sa kuta ng kalaban
Nagsimulang inubo ang mga kawal,
Nabitawan nila ang kanilang mga baluti dahil
sa pananakit ng kanilang mga mata

Salakayin sila!
Sigaw niya
Salakayin sila!
At nagsimula ang matinding labanan;
Hindi makapaniwala ang ministro
Balewala ang lahat ng kanyang pagsasanay
at karanasan sa pakikipagdigmaan
Tinalo ng maanghang na hangin

At nakita niya ang nangingislap na espada
sa kanyang mga kamay
Animo’y bola ang mga putol na ulo
Labis ang galit ng kanyang mandirigma
Siya at ang kanyang mga babaeng mandirigma
ay nakubkob ang kanilang depensa
Hindi niya ginalaw ang ministro
hindi niya sinaktan ang bagong kumander
Hindi niya sinugatan ang mga nanginginig sa takot na mga kawal
Inaatake lamang niya ang mga umaatake sa kanya
Natagpuan niya ang kanyang inaasinta,
Natagpuan niya ang kanyang kaaway
Natagpuan niya ang kanyang ama
Nakita siya ng kanyang ama
Ang tigre ng kaharian ay inaapoy ng lagnat
Nakita niya siya ay papalapit
Naamoy niya ang kamatayan
Nakita niyang nakangiti si kamatayan

Nakita niya ang kanyang lola ay tumatangis
Nakita niya ang matandang manghuhula ay tumatangis
Nakita niya ang tagapag-alaga ng kanyang ina na tumatangis
Nakita niya ang kanyang kaaway na tumatangis
Nakita niya ang kanyang sarili na tumatangis,
Itinali niya ng lubid ang kanyang ama
Itinali niya ang kaaway ng mga tela
Itinali niya ang alibughang anak ng kagubatan ng mga baging

Tinalunton niya ang daan sa kagubatan
Dinala niya sa kagubatan ang kanyang ama
Isinakay niya sa bagon ang alibughang anak patungo sa kagubatan!

Nakita nila ang ginawa niyang pagdukot sa kanilang kumander
Nakita nila ang pagdukot niya sa pinunong nayak
Nakita nila ang pagdukot niya sa kanilang marangal na pinuno
Nakita nila ang paglisan niya sa kagubatan na tulad ng isang reyna
Nakita nila ang paglisan niya sa kagubatan na tulad ng isang ina
Nakita nila ang paglisan niya sa kagubatan na tulad ng isang Diyosa

Subalit tinuruan sila ng sibilisasyon
na mas mahalaga ang resulta
Tinuruan sila ng digmaan na ang pagtataksil ang
pinakamalakas na panunuya
Tinuruan sila ng mga kawikaan may itinakdang
panahon para makapatay ng isang babae
Ito na ang sandali wika ng ministro,
Ito na ang sandali pagsang-ayon ng bagong kumander,
Sinalakay nila ang kanyang mga bantay sa unahan
Sinalakay nila ang kanyang mga bantay sa tagiliran
Sinalakay nila ang kanyang mga bantay sa bandang likuran
Nasugatan ang kanyang likuran
Nasugatan ang kanyang leeg
Nasugatan ang kanyang tagiliran
Natigmak ang pulang dugo ang kanyang mga kamay
Natigmak ng pulang dugo ang kanyang mga paa
Natigmak ng pulang dugo ang kanyang saree
Ang lupa ay natigmak ng pulang dugo
Nagkulay dugo ang mga bulaklak ng mga puno
Naging pulang dugo ang ilog ng Champak

Nakita nilang nawala siyang bigla sa kagubatan
Nakita nila ang mga anak ng kagubatan
ay sumanib sa kagubatan
Nakita nila ang paglubog na araw at
dinaklot ng kadiliman ang iba pa
Narinig nila ang malakas na atungal ng mga tigre
Narinig nila ang mga ingay ng mga ahas
Narinig nila ang mga ingay ng elepante
Narinig nila ang halinghingan ng mga kabayo

Sinabi ng matalinong ministro-
Isara na natin ang kabanatang ito
Sinabi ng kumander-kalimutan na
natin ang nangyari dito
At sabay-sabay na sinabi ng mga kawal-
magsiuwi na tayong lahat!

Sinabi sa kanila ni Sammakka na
oras na upang siya ay lumisan
Ipinakiusap ni Sammakka na hanapin nila ang
katawan ni Jampana sa may kakawayanan
Upang ito ay sunugin'
'Nauulit ang nakaraan, wika niya
Sa buhay ko ito ay totoo'
Muli sinabi niya, oras na upang ako ay lumisan
Ang matandang babae ay nawala sa kaburulan ng
mga loro kasama ng kanyang anak
Sinabi ni Sammakka,
panahon na upang ako ay lumisan
Isinumpa niya ang hari at ang kanyang buong
kaharian na magdurusa sa lalong madaling panahon
Isinumpa niya ang ministro na magdurusa
sa lalong madaling panahon
Isinumpa niya ang kumander na
magdurusa sa lalong madaling panahon
Isinumpa niya ang mga kawal na
magdurusa sa lalong madaling panahon
Muli kanyang sinabi, oras na upang ako ay lumisan
Natigmak ng dugo ang kanyang mga kamay
Natigmak ng dugo ang kanyang mga paa.

Natigmak ng dugo ang kanyang sare
Natigmak ng dugo ang buong kalupaan
Ang mga puno at mga bulaklak ay naging kulay dugo
Muli sinabi ni Sammakka sa kanila
Panahon na upang kayo ay aking lisanin
At silang lahat ay kanyang pinagpala!
Muling sinabi ni Sammakka, paalam ako ay lilisan na!

Sa kanyang pagtawag, nagdatingan ang mga
umaatungal na mga tigre
Nakita nila siyang umaalis habang pinagpapala niya sila
Nakita nila siya na pinagpapala ang mga anak ng kagubatan,
Umaalis na si Sammakka, sakay ng kanyang tigre

Isang malahiganteng pana, mga sibat
Malaking espada at mahabang panusok
Papaalis na si Sammakka
Sakay ng isang tigre tulad ng isang Diyosa

Umalis na si Sammakka
Sakay ng kanyang tigre
Nagdatingan pa ang ilang mga tigre,
Kasunod ng mga usa at mga babaeng usa,
Kasunod ng mga tigre at mga cheeta,
Kasunod ng mga halamanan at mga iba't-ibang hayop
Kasunod ng buwan at mga bituin,
Nauuna ang malamig na simoy at mga alitaptap
Nauuna ang mga patak ng ulan at ibon sa gabi.

Sa gitna ng takitik ng ulan
Sa gitna ng pumapaimbulog na mga ulap
Umaalis na si Sammakka
Sakay ng kanyang tigre, tulad ng isang Diyosa,
Umaalis na si Sammakka
Umaalis na si Sammakka, sakay ng kanyang tigre!
Umaalis na si Sammakka patungo sa burol ng mga loro sa Chilakala gutta!

Umaalis na nga si Sammakka
Sa kanyang tigre, gaya ng isang Diyosa,
Umaalis na si Sammakka,
Oo, umalis na nga si Sammaka, wala na siya, sakay ng kanyang tigre!
Sa kinaumagahan ay natagpuan nila ang bangkay ni Jampanna sa may kawayanan,
Kinaumagahan natagpuan nila ang ilog ng Champak na nagkulay dugo
Sa kinaumagahan sinunog nila ang katawan ni Jampanna at'
Tinawag ang ilog na -Jampanna Vagu!
Sa kinaumagahan natagpuan nila ang mga patak ng dugo patungo sa kaburulan ng loro.

Kinabukasan, maagang-maaga natagpuan nila ang kahon ng vermillion malapit sa nuno sa punso!
Kinabukasan natagpuan nila ang mga marka ng kuko at pangil ng mga tigre at ang mga pulseras ni Sammakka.
Ng umaga ring yaon nanangis ang matandang lalaki ng buong pait habang siya ay nakatitig sa kahon ng Vermillion,
Nakita ng matandang lalaki ang dakilang kahon na punong-puno ng pulbos ng vermillion!

At ng umaga ring yaon, natambad sa kanilang mga mata ang mga tigre,
mga ulupong na binabantayan ng buong tapang ang KUMKUMA BHARINE!



శ్రీ మేడారం
Telangana Devotional
సమ్మక్క
సారమ్మ

Dr. LANKA SIVA RAMA PRASAD
M.B.B.S; M.S. GENERAL SURGERY
M.Ch. CARDIOTHORACIC SURGERY
Fellow in VASCULAR SURGERY

Post graduate Diplomate in Human Rights
Post graduate Diplomate in Television Production
Cell animation Specialist- Heart Animation Academy
Computer Animation Specialist- Pentafour- Chennai
Web Engineer and Web Designer- Web City- Hyderabad
Fellow of Indo- Asian Poetry Society

Facebook Pages:- Wordsmith; All the world is a stage;
The Regal World of Scribes; Travelogue

Address -
16-10-1294
Prasanthi Hospital
Under Bridge Road
Siva Nagar
Warangal
Telangana 506002
India

Contact -
88978 49442
83286 28381
lankasrprasad@gmail.com
www.anuvaadham.com

Dr. LANKA SIVA RAMA PRASAD (Dr. LSR Prasad) is a Cardio Thoracic and Vascular Surgeon by profession, a popular author of 120 books, cartoonist, painter, critic, Editor and orator par excellence.

His knowledge in Telugu and English earned him name. He has translated Homer's Iliad, Odyssey first time in to Telugu Literature. In that series of Greek literature- Epic Cycle and Greek Heroes came as the third book. His other notable translations in to Telugu are John Milton's Paradise Lost, Paradise Regained; John Bunyan's The Pilgrim's Progress; Virgil's Aeneid; Dante's Divine Comedy; Goethe's Faust, Rumi's Masnavi; Attar's Birds Conference; Omar Khayyam's Rubaiyat. He was assigned the job of translating selected classic poems of Telugu literature by C.P. Brown's Acadamy which was published as Telugu songs and poems. Katthi Anchupai- is a collection of noir genre stories.

More than ten translations of contemporary poets, two novels, twenty short stories, hundreds of essays and prefaces, books on science and Medicine and dream analysis are available. Now his published books have crossed the prestigious hundred land-marks and reached 120. Most of his books are reference books in literature. His poems were translated into Greek, Spanish, Arabic, Hindi, Tamil, Kannada and many other languages. His works are available free at www.anuvaadham.com

He is the recipient of Reuel International Poet Award (2017), T.S. Eliot Award (2017), Global Poet Award-CANADA-WIN (2017), Life Time Achievement Award (2017), Kibatek Medal - Turkey (2017), Poet Laureate Award-Delhi (2017), Sahiti Rajahamsa Award-Vizag (2017), Poet Laureate-Kazakisthan (2017), Pentasi-B Life Time Achievement Award (2017), Naji Naaman Award (Lebanon)- 2018, Pablo Neruda Award-(Italy)-2018 and many more honors.

He was the host and sponsor of PENTASI-B INDIA WORLD POETREE FESTIVAL-October 2017 - at HYDERABAD, INDIA, attended by more than 200 poets from all over the world.

ANG ALAMAT NI SAMMAKKA

Noong ika 12 siglo, sa isang malayong bansa ay natagpuan ng ilang lider ng isang tribo ang isang bagong panganak na sanggol na babae na umiiyak habang napapaligiran ito ng mga tigre. Inampon sya ng pinaka-pinuno ng tribo. Ipinagkaisang-dibdib kay Pagididdha Raju isang pinuno ng isang tribo. Sila ay biniyayaan ng dalawang anak na babae na pinangalanan nilang Nagulamma at Jampanna at ang nag-iisang anak na lalaki na tinawag at pinangalanan nilang Sarakka (Saralamma/Saralakka).

Pagkalipas ng ilang panahon ay nagkaroon ng matinding tagtuyot na tumagal ito ng maraming taon at naging dahilan ng pagkakatuyo ng napakalawak na ilog ng Godavari. Dahil sa tagtuyot, ang mga tribo ay napilitang huminto sa pagbabayad ng kanilang mga buwis sa hari. Iniutos ng hari na si Rudra Deva na supilin ang mga tribo at piliting magbayad ng kanilang buwis sa pangunguna at liderato ni Peddapuli Raju, pinuno ng isa pang tribo at kasalukuyang pinuno ng mga hukbong mandirigma ng Kakatiya. Biglang nakipag-digmaan si Samakka, na siyang pinuno ng hukbong mandirigma ng tribo at ng kanyang mga nasasakupang tribo laban sa mga sundalo ng Kakatiya sa mga pampang ng ilog ng "Sampenga Vagu"(Jampana Vagu). Ang asawa niyang si Pagididda Raju, at ang mga anak niyang babae na sina Sarakka, Nagulamma, manugang na lalaki na si Govinda Raju (asawa ni Sarakka) ay nagbuwis ng buhay sa pakikigdigma. Sa huli, namatay rin si Jampanna sa Sampenga Vagu (tinawag ng Jampanna Vagu para sa pag-alaala ng kanyang kabayanihan sa pakikipagdigmaan). Nakipaglaban at nakipagdigmaan ng husto si Samakka at nagbunga ito ng napakalaking pagkawasak at pagkalagas ng hukbong mandirigma ng Kakatiya. Nagulat ang lahat sa katapangan, lakas ng loob at kagitingang ipinamalas ni Sammakka. Iminungkahi ng Punong Ministro ang pakikipagkasundo kay Sammakka sa pamamagitan ng pag-aalok at paggawad sa kanya ng katungkulan sa kanilang nasasakupang kaharian bilang Reyna. Subalit, hindi ito tinanggap ni Sammakka, bagkus ay ipinagpatuloy niya ang pakikipagdigma upang ipaghiganti ang mga nagbuwis ng kanilang mga buhay.

Nagpatuloy nga ang labanan sa digmaan at malubhang nasugatan si Sammakka. Kinausap ni Sammakka ang kanyang mga tauhan at buong nasasakupan at ipinakiusap na hanggang siya ay patuloy nilang aalalahanin at hindi lilimutin, sila ay kanyang pangangalagaan at iingatan. At pagkatapos ay isinumpa niyang magdurusa ang Dynastiya ng Kakatiya at pagkatapos siya ay tumungo at pumaroon sa Chilakala Gutta at naglaho sa kagubatan.

Kinabukasan, natagpuan ng mga nagsisipaghanap sa kanya na mga katutubo ang isang Kumkuma bharine-isang kahon na sisidlan ng pulang pulbos na Vermillion. Ang pulbos ng Vermillion ay tinatawag ding Sindur sa ibang lugar. Ito ay mula sa pinulbos na luyang dilaw o turmeric powder at lime stone. Ginagamit ito ng mga babaeng taga India, tanda ng kanilang pagiging relihiyoso at nilalagay naman sa noo ng mga Indianang may-asawa na.

Kasamang natagpuan ang mga pulseras ni Sammakka at mga bakas ng mga paa ng mga tigre kung saan siya mismong unang natagpuan bilang isang sanggol ng mga Koyas. Hindi nagtagal ang kahariang Kakatiya ay naging matagumpay, lumakas, umangat at pagkatapos ay tuluyang bumagsak.

Isang napakalaking intriga at kabigha-bighaning kwento at istorya ng mga katutubong diyus-diyusan na umaakit at humihikayat ng mahigit kumulang sa sampung milyong tao na kung saan sa isang malayong lugar sa kagubatan ng Medaram ginaganap ang maaring pinaka-malaking pagtitipon sa buong mundo ng mga grupo ng katutubo kada ikalawang taon.